UPANG SILA AY MAGING ISA

"Upang sila ay maging isa; na gaya Mo Ama, ay sa Akin, at Ako ay sa Iyo, upang sila rin ay maging isa sa Atin: upang ang sanlibutan ay sumampalataya na Ako'y isinugo Mo."

(Juan 17:21)

Ang librito na ito ay libreng serbisyong pangedukasyon na inilathala ng

This booklet is a free educational service published by the

Sabbath Church of God
P.O. Box 30332
Little Rock, AR. 72260

e-mail: info@sabbathcog.net

www.ChildrenOfGod.net
www.SabbathCoG.net

© Copyright 2006 – 2018 Sabbath Church of God All Rights Reserved

Upang Sila ay Maging Isa

Talaan ng mga Nilalaman

Mga Nilalaman pahina 1

Panalangin ni Jesus Para sa Pagkakaisa pahina 2

Upang Malaman ng Sanlibutan pahina 4

Tayo ay Nabigo pahina 6

Ang Nagkawatak-watak na Iglesia pahina 10

Pagkakaisa sa Espiritu pahina 13

Pagkilala sa Katawan ng Panginoon pahina 15

Ang Mga Buto ni Jesus ay Hindi Nabali pahina 19

Pagpapagaling pahina 21

Isang Bagay na Ukol sa Kaligtasan pahina 23

Ang Tungkulin ng Isang Kristiyano pahina 25

Ang Gawain ng Dios pahina 27

Mayroon Lamang Iisang Iglesia pahina 32

Isang Kamangha-mangha na Gawa pahina 37

Ang Asawa ni Cristo pahina 41

Upang Sila Ay Maging Isa

Panalangin ni Jesus Para sa Pagkakaisa

"Upang sila ay maging isa." Ang mga katagang ito ay sinabi ni JesuCristo nang gabi bago Siya ay namatay, habang ipinagdarasal Niya tayo sa Kanyang Ama sa langit (tingnan ang Juan 17). Limang beses Niya ipinahayag ang Kanyang hangarin *para sa ating pagkakaisa* – hindi lamang ang pagkakaisa ng mga orihinal na mga apostol – kundi pati ng lahat ng mga sumunod sa kanilang yapak, sa bawat salinlahi. Mangyari pong bigyang pansin ang mahalagang paguulit-ulit ng mga parirala na ***upang sila ay maging isa*** sa panalangin ni Jesus.

"At ngayon wala na Ako sa sanlibutan, ngunit ang mga ito ay nasa sanlibutan, at Ako'y paririyan sa Iyo. Amang Banal, ingatan Mo sa Iyong sariling pangalan silang mga ibinigay Mo sa Akin, ***upang sila ay maging isa****, na gaya natin."* (Juan 17:11)

"Upang sila ay maging isa*; na gaya Mo Ama, ay sa Akin, at Ako ay sa Iyo, upang sila rin ay maging isa sa Atin: upang ang sanlibutan ay sumampalataya na Ako'y sinugo Mo." (Juan 17:21)*

"At ang kaluwalhatian na ibinigay Mo sa Akin ay ibinigay Ko sa kanila; upang sila ay maging isa, na gaya naman Natin na iisa." (Juan 17:22)

Ang dapat itugon natin sa malalim na hangarin na ito para sa pagkakaisa na ipinahayag ni Jesus ay ang gawin ang lahat na ating makakaya upang mangyari ang pagkakaisa at kaisahan ng Iglesia ng Dios. Ito ang kalooban ng Dios na ang Kanyang Iglesia, ang Kanyang mga anak, ay magkaisa – na ginawang *iisa* ng Kanyang Espiritu. Bilang mga anak ng Dios, kung kailangan ay ialay ang ating mga buhay upang mangyari ang pagkakaisa sa saloobin, direksiyon, at pakikisama sa ating mga kapatid; lalo't tayo ay ipinaghihiwalay ng mga kathang-isip na pader ng maka-mundong pamamahala.

"Kaya nga kung mayroong anomang kasiglahan kay Cristo, kung mayroong anomang kaaliwan ng pagmamahal, kung mayroong anomang pakikisama ng Espiritu, kung mayroong anomang mahinahong awa at habag, ay lubusin ninyo ang aking katuwaan, upang kayo'y magkatulad ng pagiisip, nagtataglay ng iisang pagmamahal, na nagkakaisa ng akala, iisa ang pagiisip. (Mga Taga Filipos 2:1-2)

Ang ating indibidwal na responsibilidad sa pagsusumikap na makamit ang maka-Dios na pagkakaisa ay isang bagay na may kinalaman sa ating personal na kaligtasan. Hindi natin makakamit ang walang hanggang buhay kung hindi natin palalaguin ang pagmamahal natin na tulad ng kay Cristo para sa lahat ng mga santo (1 Juan 3:4). Ang basehan ng pagkakaisa at kaisahan ay ang tunay na pag-alaga at malalim na pagmamalasakit para sa ganap na kapakanan ng lahat ng mga kapatid. Ang uri ng pagkakaisa na ito ay kinakailangan ng sakripisyo kahit pa malagay sa alanganin ang ating mismong buhay para sa ikabubuti ng iba. Hinihiling ng *Kaisahan* ang tamang paggamit ng mga prinsipyo ng Dios sa ating pakikisalimuha sa ating mga kapatid. Sa maikling salita, ang *kaisahan* ay kinakailangan ang Kristiyanong pagmamahal. Ibinigay sa atin ni JesuCristo ang Kanyang mga doktrina, na ang ika-pito ay na tayo ay maging *lubos*, at kasama dito ang pagkakaisa sa ating mga kapatid.

"Ako'y sa kanila, at Ikaw ay sa Akin, ***upang sila ay maging lubos sa isa;*** *upang malaman ng sanlibutan na Ako ay Iyong isinugo, at sila'y Iyong minahal, gaya ng pagmamahal Mo sa Akin." (Juan 17:23)*

Hindi natin nakikita o nahahawakan ang Dios sa ating kasigasigan na paglingkuran Siya, na mahalin Siya – ngunit binigay Niya sa atin ang ating kapwa tao para mahalin sa lugar Niya. Nang si Jesus ay nasa lupa, lahat ng minahal Niya ay hindi pa nagbabagong loob – hindi pa mga santo. Walang hangganan ang Kanyang pagmamahal. Ang pagmamahal na ibinibigay natin ay dapat makarating sa marami; hindi lamang sa mga totoong Kristiyano, kundi pati sa mga nakikilala natin sa mundo – at, oo, pati sa ating mga kaaway. *"Kung inyong tutuparin ang maharlikang batas na ayon sa Kasulatan, Mahalin mo ang iyong kapwa na gaya sa iyong sarili, mabuti ang iyong ginagawa." (Santiago 2:8)*

Marahil tila malamang na hindi mangyari na ang mga anak ng Dios ay magkakasama-samang muli sa iisang tiyak na samahan, ngunit kinakailangan na ang mga santo ng Dios ay makamit ang pagkakaisa at kaisahan, na malampasan ang mga linya ng organisasyon. Ang Iglesia ng Dios ay hindi isang *lugar!* Ito ay mga tao, na sumuko sa Dios, na nagpapakita ng pagkakaisa at pagmamahal para sa lahat. Ipinaguutos ng Dios sa lahat ng Kanyang mga anak na maging kaisa sa lahat ng Kanyang tinatawag, sapagkat dapat tayong maging kaisa sa Kanyang Espiritu. *"Ang siyang isinama sa Panginoon ay isang Espiritu." (1 Mga Taga Corinto 6:17)*

Ang nagkakaiba-ibang mundo ng "relihiyon ng Kristiyano" ay nahihiwagahan sa mga huling salita na ito ni Cristo sapagkat sila ay hindi talaga nagkakaisa – o ni maaaring magkaisa. Ang kaibahan ay, sa pamamagitan ng Espiritu ng Dios, maaari natin gawin ito, at kailangan natin hanapin ang pagkakaisa na iyon na sinabi ni Jesus.

Upang Malaman ng Sanlibutan

Bakit masidhi ang pagnanasa ni Jesus na magkaisa ang mga totoong Kristiyano? Layon ng Dios na ang pagkakaisa at kaisahan ng Kanyang Iglesia ay maging halimbawa sa *buong* mundo! Ang ating pagkakaisa ay ang magiging katunayan na tayo ay mga anak ng Dios. *"Sinabi ni Jesus, sa ganito'y malalaman ng lahat ng tao na kayo ay Aking mga alagad, kung kayo'y may pagmamahal sa isa't isa."* (Juan 13:35) Ang pagkakaisa at kaisahan sa Iglesia ng Dios ay ang magkukumpirma sa ginagawa ng Banal na Espiritu sa paraang hindi madalas masaksihan sa mundo. Ang ating pagkakaisa at kaisahan ay magpapakita sa mundo na, katulad ng ipinangako, isinugo ng Ama si Jesus, at ang kaligtasan at pagasa ay darating sa sangkatauhan. *"Hanggang sa abutin nating lahat ang pagkakaisa ng pananampalataya, at ang pagkakakilala sa Anak ng Dios." (*Mga Taga Efeso 4:13*)*

Sa buong kasaysayan, layon ng Dios na ang Kanyang mga tao ay maging ilaw sa buong sanlibutan. Ibinigay ng Dios sa Israel ang mga tuntunin at kahatulan upang ang mga bansa sa paligid nila ay magselos sa mga biyaya sa Israel at nanaisin nilang makilala ang Dios ng Israel.

"Kung kaya ingatan ninyo at isagawa; sapagkat ito ang inyong karunungan at inyong pang-unawa sa paningin ng mga bansa, na makakarinig...at magsasbi, Tunay na ang dakilang bansa na ito ay pantas at may pang-unawa na mga tao. Sapagkat anong bansa ang sadyang dakila, na may Dios na napakalapit sa kanila, na gaya ng Panginoon nating Dios?" (Deuteronomio 4:6-7)

Hindi layon ng Dios na sa Israel lamang makipagugnayan. Ang mga bagay na ginawa ng Dios sa Israel ay hindi lamang para sa Israel. Ang layon ng Dios ay ang Israel ay maging isang halimbawa upang ipakita sa ibang mga bansa na ang Kanyang paraan ng pamumuhay ay nagbubunga ng kaligayahan at kasaganahan. Sa parehong paraan na ang mga bagay na ginagawa ng Dios sa kasalukuyan sa Iglesia ng Dios ay hindi lamang para sa atin. Isinugo ng Ama si Jesus at ibig Niyang malaman ng buong mundo ang katotohanan na iyon. Ibig ng Dios na ang lahat ng mga tao ay lumapit sa Kanya. Maihahayag natin sa sanlibutan ang totoong Dios sa pamamagitan ng pagpapaliwanag ng ilaw natin sa pagkakaisa at kaisahan. Ito ang sinasabi ni Ezekiel sa pitongpung lugar!

"At ang Aking banal na pangalan ay ipakikilala ko sa gitna ng Aking bayang Israel... at ***malalaman ng mga pagano na ako ang Panginoon****, ang Banal sa Israel."* (Ezekiel 39:7)

Sinabi ni Jesus, *"Ako'y sa kanila, at Ikaw ay sa Akin, upang sila'y maging lubos sa isa; at* ***upang malaman ng sanlibutan na Ako'y Iyong isinugo****, at sila'y Iyong minahal, gaya ng pagmamahal Mo sa Akin."* (Juan 17:23)

Una, ang mga makabagong Israelita ay makikilala ang kanilang Dios – malapit na! Ang Iglesia ng Dios ay ipaaalam sa ating mga bansa – hindi sa pamamagitan ng telebisyon o iba pang paraan ng pamamahayag – kundi sa pamamagitan ng ating *kaisahan.* Kailangang gampanan ng Iglesia ng Dios ang mahalagang papel na ito sa gawain ng Dios sa panahong ito. Ang United States, United Kingdom, Canada, at lahat ng buong Israel ay hindi pa rin nalalaman ang tungkol sa Ama at kay Jesus. Sa madaling panahon ay malalaman rin ng buong sanlibutan!

Ang pagkakaisa ng ating mga puso bilang mga Kristiyano ay ang nakatutulong upang hanapin natin Ang Katotohanan at isabuhay ito. Sa pamamagitan ng pakikipagusap, pananalangin para sa ibang Kristiyano, pakikisama, at pagpapakita ng pagiging palakaibigan, ay nagsisimula tayong magpamalas ng pagmamahal para sa isa't isa. Kailangan nating hikayatin ang lahat ng mga kapatid na tunay na naglilingkod sa Dios. Ang pangangalaga ng Katotohanan ay tungkulin ng lahat. Sa pamamagitan ng pagtulong sa ibang tao sa ganitong paraan, ang Katotohanan ng Dios ay magiging mas malinaw sa lahat ng nasa Iglesia, at ang ating pagkakaisa bilang mga anak ng Dios ay lalago.

"Mga minamahal, nang ako'y nagsumikap ng pagsulat sa inyo tungkol sa kaligtasan nating lahat, kailangan kong isulat sa inyo, at himukin kayo na masigasig na ipaglaban ang pananampalataya na minsang ibinigay sa mga santo." (Judas : 3)

Bilang Israel ng Dios, ang iglesia ay ang huling balwarte ng Kanyang katotohanan sa mundong niyuyurakan ito sa ilalim ng kanilang paa. Tayo ay mga anak *"sa bahay ng Dios, na siyang iglesia ng Dios na buhay, ang haligi at suhay ng katotohanan."* (1 Kay Timoteo 3:15, Mga Taga Galacia 6:16)

"Ang Dios ay tapat, na sa pamamagitan Niya ay tinawag kayo sa pakikisama ng Kanyang Anak na si JesuCristo na Panginoon natin. Ngayo'y nagsusumamo ako sa inyo, mga kapatid, sa pamamagitan ng pangalan ng ating Panginoong JesuCristo, na kayong lahat ay mangagsalita ng isa lamang bagay, at huwag magkaroon sa inyo ng pagkakahati-hati; kundi kayo'y lubos na pagsamasamahin sa isa lamang pag-iisip at isa lamang paghatol." (1 Mga Taga Corinto 1:9-10)

Ang ating Kristiyanong pagmamahal para sa isa't isa ay dapat mapaglabanan ang kahit na anong bagyo kung ang ating mga puso ay tunay na pinagsama.

"Upang maginhawaan ang kanilang mga puso, na pinaglakip sa pagmamahal, at sa lahat ng mga kayamanan ng lubos na katiwasayan ng pagkaunawa, upang makilala nila ang hiwaga ng Dios, at ng Ama, at ni Cristo." (Mga Taga Colosas 2:2)

Sa sandaling panahon, kahit paanuman ay nagkasama-sama tayo bilang isang mahusay na gumaganang grupo. Alam ng Dios na hahaluan ni Satanas ang mga nananampalataya ng mga hindi nananampalataya. Ang doktrina sa buong Iglesia ay napapanatili. *Ang mga kasapi ay nakakatanggap ng sapat na pangangaral, at ang ebanghelyo ay epektibong ipinangangaral sa buong mundo.* Ngunit, hindi natin maaaring kutyain ang Dios – inumpisahan Niya ang proseso ng paghihiwalay ng mga di-nananampalataya.

"Sapagkat kailangan ngang magkaroon ng mga erehiya sa inyo, upang yaong mga napatunayan na ay maihayag sa inyo." (1 Mga Taga Corinto 11:19)

Tayo ay Nabigo

Hindi natin natupad ang malinaw na pagtuturo ni Cristo. Malinaw na sinasabi sa Kasulatan na dapat tayong magkasama-sama na may pagkakaisa at kaisahan sa Iglesia ng Dios. Ang mga nagkahiwa-hiwalay na mga pangkat ng iglesia – katulad sa kasalukuyan – ay umabot sa pagkabuwag-buwag ng mga anak ng Dios, at tiyak na hindi ito ang kalooban ng Dios.

Tunay na isang matinding bagay ang nangyari. Hindi na tayo nakakapunta sa Pista ng Dios na kasama ang lahat ng ating mga kaibigan at mga kapatid. Ang Iglesia ng Dios ay nagkawatak-watak. Nagkasira ang mga pamilya at mga pagkakaibigan. Marami sa mga anak ng Dios ay walang pakialam sa ibang anak ng Dios na nasa ibang grupo. Napakasaklap na ang mga magkakaibigan at magkakapatid ay magkaiba na ang direksiyon. Ilang "pagkakaibigan" sa Iglesia na tila ba hamog sa umaga na naglaho sa unang hudyat ng init ng tag-araw? Karamihan sa ating mga kapatid ay hindi na umaasa pa na magkakaroon ng malalim na pagsasamahan.

Ano ang nangyari sa Iglesia ng Dios? Ang pagkakahati na ating nararanasan ay nakasisira sa Katawan ni Cristo. Sumapit tayo sa panahon na nagpapahayag tayo ng "pakikisama sa Espiritu," habang binibigyang katuwiran natin ang pagkakahiwalay natin sa ibang Kristiyano.

Ang organisasyon ay kailangan - hindi ito mali. Mayroon kailangang magasikaso ng Pista, maghanap ng bulwagan para sa pagpupulong tuwing Sabbath, paglalathala ng ebanghelyo, pangangasiwa ng ikatlong ikapu, atbp. Gayunpaman, kapag ang "organisasyon" ay magsimulang mang-agaw ng karangalan, pagsunod, pamimitagan at paggalang na nararapat lamang sa Dios, tayo ay yumuyukod sa isang idolo.

Inilalarawan ng Kasulatan ang mga katangian ng totoong Iglesia na nagbubukod dito sa iba. Natutunan natin ang tungkol sa karne ng baboy, mga kaarawan, pagpinta sa mukha; ngunit, natutunan ba natin ang pinakamahalagang doktrina sa lahat - *kung paano lubos na alalayan ang bawat isa sa ating paglalakbay sa Katotohanan?* Natutunan natin ang isang anyo ng relihiyon, pero ilan sa atin ang nagtataglay ng tunay na nilalaman ng Kristiyanismo? Ang pinakamahalagang doktrina na nagbubuklod sa atin - na siyang madalas hindi nabibigyang pansin - ay ang kautusan *na mahalin ang isa't-isa at tulungan ang isa't-isa patungo sa Kaharian ng Dios.* Ang sabi sa atin ay mahalin ang mga kaaway. Dapat lang na palawigin ang pagmamahal na iyon sa lahat ng mga kapatid.

Sa kasaysayan, palaging may ilang mga santo na hindi hinahangad ang papuri ng mga tao, at mahigpit na kumakapit sa Katotohanan. Ang mga tumingin sa tao sa halip sa Dios ay nagdusa ng malaking kasiraan. Ang mga bumalik sa mundo at sa mga buktot na paniniwala nito ay hindi naipaglaban ang Katotohanan. Ang mga tunay na Kristiyano lamang, na pinapatnubayan ng Banal na Espiritu ng Dios, ang siyang nakapagpanatili ng Katotohanan.

Sa ngayon, ang nagkahiwa-hiwalay na mga anak ng Dios ay mahirap matukoy. Paano pangangalagaan ng mga mahinang tao ang Katotohanan? Ang Katawan ni Cristo ay binubuo ng maraming bahagi. Ngunit kung ang mga bahagi na iyon ay hindi maayos ang pagkakasama-sama, paano maipaglalaban ang Katotohanan? Ang Pangangalaga ng Katotohanan ay ating obligasyon. Paano na lang kung hindi na maabot ang Katotohanan ng ating mga anak at apo? Ito ay magiging isang kalapastanganan! Kailangan natin ipasa ang Katotohanan. *"Sa nakakaalam ng paggawa ng mabuti, at hindi ginagawa, ito'y kasalanan sa kaniya."* (Santiago 4:17)

Ilang mga tao na ang nilisan ang Iglesia sa mga nakaraang taon dahil sa kakulangan ng tunay na pagkakaisa at pagmamahal na ipinadadama sa mga kapatid? Bakit kakaunting mga tao lamang, kung ikukumpara sa iba, ang positibong tumugon sa pangangaral ng ebanghelyo ng darating na Kaharian ng Dios habang ito ay buong lakas na ipinapahayag sa buong mundo? Huwag natin ipalagay na naging perpekto ang Iglesia sa lahat ng bagay. Hindi ganoon! At hindi rin ito perpekto ngayon! Nakakalungkot na sa loob ng nagkawatak-watak na Iglesia ng Dios, wala ni maliit na pagnanais para sa pagkakaisa. Kahit ano pa ang isipin ng tao - hindi nalulugod ang Dios. Ang sabi ni Cristo ay dapat tayong magtrabaho para sa pagkakaisa.

Isang matinding maling konsepto ang pagkahiwa-hiwalay ng mga Kristiyano. Kailangan nating kilalanin ang ibang Kristiyano, kahit ano pa ang kanilang organisasyon. Karamihan sa mga kapatid ay hayagang inaamin na "mayroong mga Kristiyanong pinapatnubayan ng Espiritu sa lahat ng mga grupo." Ano ang pumipigil sa ating "pakikisama sa Espiritu" sa mga kapatid na katulad ng ating pag-iisip? *"Na kayo'y tumayong matibay sa isang Espiritu, na may isang pag-iisip na nagsisikap sa pananampalataya sa ebanghelyo."* (Mga Taga Filipos 1:27)

Ang Iglesia ay hindi sama-samang nagsisikap. Ito ay nagkakaputol-putol sa maliliit na bahagi, lahat ay nagsisikap ng mag-isa. *"Itatayo Ko ang Aking Iglesia,* sabi ni Jesus. *"Aking Iglesia!" Tayo ay pag-aari ni Cristo!* Sabi ni Pablo, *"Kayo ay kay Cristo."* (1 Mga Taga Corinto 1:13)

Hindi pinaghati-hati si Cristo. Alam natin lahat ito. Pero, nauunawaan ba natin ito - na ang Katawan ni Cristo, ang Kanyang Iglesia, ay hindi dapat nagkahati-hati? Ito ay isang totoong prinsipyo na dapat pag-isipan: Ang Iglesia ng Dios ay hindi pinaghati-hati. Tayo, na mga tinawag, pinatnubayan ng Banal na Espiritu ng Dios, ay ang Iglesia ng Dios. Ang Iglesia ng Dios ay ang Katawan ni Cristo. Hindi pinaghati-hati si Cristo. Kaya, kung tayo ay kay Cristo, tayo rin ay hindi dapat magkahati-hati! Hindi ba tayo ang iisang totoong Iglesia? Kung gayon, nasaan ang ating pagkakaisa? Paano tayo nabigo sa pagkakaroon ng kapansin-pansin na pagkakaisa na hinahangad ni Cristo sa atin?

"May isang katawan, at isang Espiritu, gaya ng pagkatawag sa inyo sa isang pag-asa ng pagtawag sa inyo; Isang Panginoon, isang pananampalataya, isang bautismo, isang Dios at Ama ng lahat, na Siyang sumasa ibabaw sa lahat, at sumasa lahat, at nasa lahat." (Mga Taga Efeso 4:4-6)

Ang konsepto na lahat tayo ay "ay iisa gaya ni Cristo at ng Ama ay iisa" ay ang pinakamahalaga at mapaghamong gawain para sa mga Kristiyano sa panahong ito. Hindi pa nagpapakumbaba at nakikipagkaisa ang Iglesia - ni tuparin man lang ang ipinahayag na pagnanais ni Jesus. Tayo ay mananagot kay Cristo kapag tayo ay mabigo na gawin ang lahat ng maaari upang makamtan ang pagkakaisa ng lahat ng mga santo. Ang pagkakaisa at kaisahan ng mga anak ng Dios ay ang magpapasiya, hindi lang kung sino ang poprotektahan at itatago sa lugar ng kaligtasan, kundi para sa mismong kaligtasan. Pansinin ang pagtakda ng oras para sa ating huling pagkakataon na maisakatuparan ang kaisahan ng mga mananampalataya. Binabalaan tayo ng Dios na magkusa tayo na magkasama-sama sa pagkakaisa at kaisahan, bago mahuli ang lahat.

*"**Magtipon kayong magkakasama, oo, magtipong magkakasama…bago dumating sa inyo** ang araw ng galit ng Panginoon. Hanapin ninyo ang Panginoon, ninyong lahat na maamo sa lupa…, maaring ikaw ay itago sa araw ng galit ng Panginoon."* (Zefanias 2:1-3)

Ang kahulugan ng Zefanias ay "Itinago ng Walang Hanggang Dios." Ang sinasabi ng Dios ay itinatago Niya ang yaong mayroong layunin, hindi para manatiling nakahiwalay, o paghati-hatiin ang mga kapatid, kundi ang pagkakaisa ng mga puso at isipan ng mga kapatid. Kung matiyaga nating pagtitiisan ang mga pagsubok ng buhay na ito, habang nagsasakripisyo ng pagaalay ng ating mga buhay para sa mga kapatid, matatakasan natin ang Kapighatiang darating sa sanlibutan. Ang pagbubuwis ng ating mga buhay para sa mga kapatid ay isa sa mga paraan upang manaig tayo kay Satanas (Apocalipsis 12:11). *"Walang may lalong dakilang pagmamahal kaysa rito, na ibigay ng isang tao ang kanyang buhay para sa kanyang mga kaibigan."* (Juan 15:13)

Ang pagbabalik ng mga nasirang buklod ng pagmamahal ay ang sakripisyo ng pagaalay ng ating buhay. Maaaring mangyari ang kaisahan dahil sa Banal na Espiritu ng Dios. Ang sinaunang Israel ay hindi nakalulugod sa Dios sapagkat wala silang Espiritu ng Dios. Ngunit sa ating mga may Espiritu Niya, maaari nating tuparin ang Kanyang kalooban. Kailangan natin ipakita sa mundo ang halimbawa ng pagkakaisa at kaisahan na hinahangad ng ating Panginoong JesuCristo. Ang sinaunang Israel ay mananagot sa Dios sa kanilang paglabag sa Kanyang tipan sa kanila - at *wala* silang Espiritu Niya, di tulad natin.

Ipinadala ng Dios ang Israel sa pagkabihag dahil sa kanilang pagkabigo na maging halimbawa sa sanlibutan. Hindi natin kailangang gumawa ng mas masahol pang pagkakamali! Para sa ating mga pinapatnubayan ng Espiritu ng Dios, ang parusa sa ganitong pagkabigo ay mas malaki kaysa pambansang pagkabihag. Mahalagang matuto tayo sa halimbawa ng kasaysayan. Ang Israel ay napunta sa disyerto at kinalaunan ay sa mga hukbo ng Assyria at Babylon. Ano ang kahihinatnan kung tayo ay mabibigo na maging pinag-isang katawang Kristiyano? Hindi kailangang magkaisa sa korporasyon o organisasyon - ngunit isinama sa pamamagitan ng pangkaraniwang buklod ng pagmamahal na walang kinikilalang hangganan!

Ang ilan ay may saloobin na sila ay masyadong mataas o mabuti para makipag-ugnayan sa mga hindi umaabot sa sukat ng kanilang mataas na pamantayan. Ito ay espiritwal na pagmamataas. Ang ating layunin sa Iglesia ay hindi lamang upang maging bahagi ng ating "natatanging grupo," na ang inaalala lamang ay ang paghahanda ng ating mga sarili; sapagkat kung tayo ay nag-aalala lamang para sa ating mga sarili at ibinubukod ang iba, tayo ay bigo.

"Ang sinomang nagsisikap na iligtas ang kanyang buhay ay mawawalan nito; at sinomang mawalan ng kanyang buhay ay mapananatili ito." (Lucas 17:33)

Ang mga interesado lamang sa paghahanda ng kanilang sarili, habang pinababayaan ang espiritwal na kapakanan ng kanilang mga kapatid, ay bumagsak sa panlilinlang ni Cain. Tinanong niya sa Genesis 4:9, *"Ako ba'y tagapagbantay sa aking kapatid?"* Ang dapat nating isagot ay isang mapagkumbabang, "Oo, ako'y tagapagbantay ng aking kapatid." *Huwag niyong gawin ang anoman sa pamamagitan ng alitan o labis na kahambugan; kundi sa kababaan ng pag-iisip, ipalagay ng bawat isa ang iba na lalong mabuti kaysa kaniyang sarili."* (Mga Taga Filipos 2:3)

Nakalulumbay isipin na sa ngayon ang ating pagsasama-sama sa pagkakaisa ay isa lamang sentimiento kaysa katotohanan. Ang pagkakawatak-watak at di-pagkakaisa ng mga anak ng Dios ay nagpapatuloy. Ang mga nakahiwalay at nagsasariling mga Kristiyano ay nagiging panuntunan ngayon kaysa kataliwasan. Marami ang nagdarasal ng *"Aking Ama"* kaysa sundin ang pagtuturo ni Jesus na manalangin ng *"Ama Namin"*. Ang kolektibong "Namin" ay inaalis ang isang relasyon sa Dios na hindi kasama ang ibang mga kapatid. Napakadaling mahulog sa isang komportableng relasyon na "Ikaw lang at ako, Panginoon." Ang pananaw na ito na "Siya ay aking Dios, hindi sa iyo" ay napakalaganap sa Iglesia ng Dios - at hindi tama iyon. Hindi iyon ang nais ng Dios. Siya ay ating Ama - at tayong lahat ay Kanyang mga anak. Ang Kristiyanismo ay hindi pinapanood lang; kailangan nito ng aktwal na paggawa, lubos na nakatuon na pagsisikap kasama ang grupo. Ang ating responsibilidad at obligasyon ay itaguyod ang pagkakaisa at kaisahan sa lahat ng anak ng Dios. *"Ang utos na itong mula sa Kanya ay nasa atin, na ang siyang nagmamahal sa Dios ay nagmamahal din sa kanyang kapatid."* (1 Juan 4:21)

Ang Nagkawatak-watak na Iglesia

Ang Iglesia ng Dios ay tila mayroong namang pagkakaisa dati - hanggang sa lumitaw ang mga huwad na doktrina at mga mapanlinlang na ministro na nagkukubli sa ilalim - at maraming mga kasapi ang nabigong kumapit sa katotohanan. Ang mga hindi bumitaw ay nabigyan pa ng karagdagang mga pagsubok; mga panibagong balakid na haharapin. May mga ministro na dating tila nasa tamang daan ay nagsimulang mangaral ng mga maling doktrina. Ang iba ay kumilos sa hindi maka-Kristiyanong paraan sa ating mga kapatid. Habang ang ibang ministro ay ipinikit lang ang mga mata sa lahat ng nangyayari. Mayroon ding mga ministro na umangkin sa "manta ng kapangyarihan" at naghangad ng personal na mga tagasunod; dahil doon, lumikha ito ng mga grupo na nakabatay sa pagkatao ng mga namumuno. Ang ilan sa mga ministro at mga kasapi ay inapi ang mga kapwa nilang tagapaglingkod. Natutunan ng mga santo na hindi sila maaaring palaging umasa sa espiritwal na tulong ng iba. At dahil sa walang tunay na espiritwal na pamumuno at pag-alalay, ang mga kapatid ay nagpunyaging gumawa ng matalinong pagpapasya- at nagsumikap para sa kanilang sariling kaligtasan. Ang Iglesia ng Dios ay nawasak. *"At magsisilitaw sa mga kasamahan din ninyo ang mga taong magsasalita ng mga bagay na masasama, upang magdala ng mga alagad para sa kanila."* (Mga Gawa 20:30)

Bilang isang iglesia, itinuro sa atin ang "awtoridad" na nagmumula sa taas pababa. Iyon ang magiging paraan ng pamumuno ng Dios sa Kanyang kaharian. Nagkaroon tayo ng mahigit sa pitongdaan na propesyonal na lalaki na sinanay upang mamuno sa mahigit 145,000 na kasapi - na nagpatupad ng awtoridad mula sa taas pababa. At tulad ng nahayag sa panahon ng lubusang pagtalikod sa pananampalataya, mga anim na raan na pastor ay hindi sumusunod kay JesuCristo. Bilang mga kasapi, pananagutan natin na sumunod lang sa mga pinuno na sumusunod din kay Cristo. Ang pagtutularan sa milenyo ay isang maka-Dios at mapagkawanggawa na kapangyarihan na hindi umiiral sa kasalukuyang Iglesia. Ang mga namumuno sa tuktok ng piramid ay hindi kayang arukin ang lalim ng pag-uusig na ipinasa sa mga totoong Kristiyano na nasa ibaba. Bunga nito, ang konsepto ng "Pamahalaan ng Dios" ay salitan na ginamit sa "Pamahalaan ng Iglesia," sa kapinsalaan ng espiritwal na buhay ng mga kapatid.

"Kung paanong sinabi sa inyo, magkakaroon ng mga manunuya sa huling panahon, na magsisilakad ayon sa kanilang masasamang pita. Ang mga ito ang mga nagsisigawa ng paghihiwalay, malalayaw, na walang taglay na Espiritu." (Judas :18-19)

Tayo ay pumasok na sa panahon ng bagong nostisismo. Itinuturo ng ilan na mayroon silang kaalaman na hindi alam ng iba. Itinuturo nila na dahil sa kanila lamang nalulugod ang Dios, ang grupo nila ay sapat na. Ang pagtuturo na ang mga kasapi ay hindi kailangang alalahanin pa ang ibang mga kapatid ay lubusang huwad. Ito ay mga huling panahon na. Magbabalik si Cristo bago pa natin mamalayan ito! Sinasabi sa Kasulatan na may mga huwad na mangangaral ng relihiyon ang magpapahirap sa Iglesia ng Dios - at hindi ang mga nalinlang na namumuno ng mga relihiyon sa mundo ang tinutukoy dito.

"Alamin mo din ito, na sa mga huling araw ay darating ang mga panahong mapanganib." (2 Kay Timoteo 3:1)

"Malalaman muna ito, na sa mga huling araw ay magsisiparito ang mga manunuya, na nagsisilakad ayon sa kanilang sariling pita." (2 Pedro 3:3)

"Ang mga ganid na lobo ay magsisipasok sa inyo, na hindi magpapatawad sa kawan." (Mga Gawa 20:29)

Pagkamatay ni Ginoong Armstrong ay lumabas ang mga lalaki na walang pagsasaalang-alang sa Katotohanan, kung kaya nagawang ikalat ni Satanas ang mga kapatid. Ang mga namumuno na siyang dapat may kakayahan na panatilihin ang Katotohanan at pagsamasamahin ang mga kapatid sa pagkakaisa ay hindi ito ginawa. Ang may mga pananagutan ay dapat may masidhing pagaalala tungkol sa pagkawatak-watak ng mga kapatid. Napinsala ang Katotohanan habang kakaunting mga tagapaglingkod ng Dios ang ibig makipaglaban para sa Katotohanan. Ang mga mababuting tao ay itiniwalag habang ang mga pangsirang damo ay pinagkatuwaan ang kanilang bagong lubos na pagtalikod sa pananampalataya.

Maraming mga grupo ang lumitaw - may malalaki at may maliliit - na nagsasabi na ang kanilang layunin ay ipangaral ang ebanghelyo, o gawin ang gawain ng Dios. Kaunti na lamang ang bilang ng mga tao ang tinatawag ng Dios sa Iglesia na naging magulo. Paano uunlad ang mga bago pa lang sa Katotohanan sa gitna ng labis na kalituhan at kaguluhan? Ang ilan sa mga namumuno ay nagatubili at natakot na ipahayag ang ating mga matagal na at totoong paniwala. Ang pagpapanatili ng Katotohanan ay hindi nangunguna sa kanilang listahan ng prayoridad. Sa pamamagitan ng malupit at pabayang paraan nila ng pagtrato sa isa't-isa, naging maliwanag na karamihan sa kanila ay hindi nauunawaan ang totoong kahulugan ng Kristiyanismo.

Marami sa mga namumuno ang ibinaba ang antas ng kanilang pamantayan, hinaluan ng iba ang kanilang mensahe, nawala ang kanilang sigasig. Tila hindi nila ibig o di kaya na *"Sumigaw ka ng malakas, huwag magpigil"* (Isaias 58:1)

"Sapagkat sinoman ang ikahiya Ako at aking mga salita, ay ikahihiya siya ng Anak ng Tao." (Lucas 9:26)

Ang iba, tulad ni Diotrephes ng 3Juan, na hinangad mangibabaw sa lahat - pinabayaan ang kanilang pananagutan na harapin ang mga huwad na doktrina at patatagin ang mga kasapi nang ang Iglesia ay nasa panganib. Napabayaan ang malaking bahagi sa mundo. Ang mga lalaking iyon ay nabigong kumatawan sa pamamaraan ng Dios kung saan sila sinanay na dalin sa sanlibutan. Walang nakapagtanto sa kahalagahan ng pagkakaisa at kaisahan upang kumilos at balaan ang mga kapatid sa pagkawatak-watak.

Kung inyong mapapansin, ang malaking bahagi ng pagkawatak-watak ay nangyari bunga ng kawalan ng kakayahan o kagustuhan ng mga pinuno na magpakumbaba at sama-samang gumawa - sa halip na manggaling sa pag-uusig ng mga taga-labas ng Iglesia, tulad ng inaasahan. Sa karamihan ng mga kaso, sa simula ng pagtalikod sa pananampalataya, ang mga kapatid ang silang nanguna na lumabas nang narinig nila ang di-tiyak na boses ng mga estranghero. Liban lamang sa iilan, sumunod ang mga pinuno pagkatapos. Tila si Satanas, sa kanyang mga tusong galawan ay palaging naiisahan ang mga anak ng Dios. At nang naitakda na ang pagtalikod sa pananampalataya, ang mga pinuno ay naipit sa pagitan ng pagkawala ng kanilang mga posisyon na iningatan nila sa loob ng maraming taon sa isang banda, at ang manindigan para sa Katotohanan na itinuro sa kanila sa kabilang banda. Ang ilan ay binigyang-katuwiran ang kanilang mga ginawa sa pamamagitan ng pagsabi na, "Hindi naman tama na magsalita laban sa mga pinagtratrabahuhan namin." Ang pahayag na iyon ay nagpapakita ng malubhang kakulangan sa kanilang pangunawa. Sumangayon sila sa pagtalikod sa pananampalataya na hindi man lang nagsalita. Nagsisi dapat sila at humingi ng kapatawaran - iyon ang tamang dapat nilang ginawa. Ang mga pastor na iyon ay mayroong malaking pananagutan pangalagaan ang mga tupa - hindi lamang ang kanilang mga sarili. Ang saloobin na gustong iangat ang sarili ay ang saloobin na handang isakripisyo ang iba upang bigyang-katwiran at pawalang-sala ang sarili.

"Ang isang upahan ay tumatakas, sapagkat siya ay isang upahan, at hindi nagmamalasakit para sa mga tupa." (Juan 10:13)

Ang mga pinuno na pinili ang magretiro nang ang pagtalikod sa pananampalataya ay naging mabagsik na laban sa Iglesia ay tila baga sinasabing, "Ang bawat tao para sa kanyang sarili." Nakalimutan nilang sinanay at inihanda sila ng Dios ng maraming taon bilang mga pastol upang tipunin at pagsamahin ang kawan para maprotektahan sa panahon ng panganib. *"Sinong nakakaalam na kung kaya ka pinasapit sa kaharian ay para sa panahong ito?"* (Esther 4:14)

Pagkakaisa sa Espiritu

Katulad ng sinabi ni Pablo sa mga taga Efeso sa ika-apat na kabanata, ang pagtatalaga sa kanila at mga espiritwal na kaloob na ibinigay sa kanila ay para sa pagiging sakdal ng mga santo- hindi para sa kanilang sariling pagsulong o pagpapayaman. Ang Iglesia ng Dios ay dapat maging isang lugar na nangangalaga kung saan ang kahit na "pinakamababa" na kasapi ay nakapagbibigay ng mga mahalagang pangangailangan. Tayo ay sinadya upang dalhin ang pasanin ng isa't-isa. Ang mga kaloob ng Dios ay dapat makatulong sa lahat - hindi para makinabang lamang ang mga binigyan nito. *"Ang pagpapahayag ng Espiritu ay ibinigay sa bawat isa para sa kapakinabangan [ang lahat]."* (1 Mga Taga Corinto 12:7)

Ang pagkakahati-hati natin ngayon ay hindi kakaiba. Ang mga kongregasyon ng Sinaunang Iglesia ay nasakop din ng mga erehe, na ayaw tanggapin ang mga anak ng Dios. Nakilala ni Pablo ang *"misteryo ng kasamaan"* (2 Mga Taga Tesalonica 2:7) ay gumagana habang ang mga naliligaw na mga kapatid ay nagtatalaga sa mga apostol bilang mga magkakaribal.

Hindi kalooban ng Dios na ang Iglesia ay magkawatak-watak - tulad ng hindi rin ayon sa Kanyang kalooban na ang Israel ay mabihag ng Asiria o ang Juda ay mabihag ng Babylonia. Ito ay nangyari ng dahil sa kasalanan. Nais ng Dios na pagpalain palagi ang Kanyang mga tao. Nauunawaan ba natin na pananagutan ng bawat isa sa atin na magkaroon ng pagkakaisa sa katawan ng mga mananampalataya? Lahat ng nagkalat na mga Kristiyano ay ating mga kapatid pa rin. Hindi isang grupo lamang ang ililigtas ng Dios. Hindi Siya eksklusibong nakikitungo sa iisang tao lamang. Walang organisasyon ang nagtataglay ng prangkisa sa pagiging "Ang Iglesia." Ito ay Iglesia ng Dios.

Isang kahihiyan ito na hindi iisa ang isipan natin. Karamihan ng mga kapatid natin ay sinabihang huwag makitungo sa ibang kapatid na nasa ibang grupo. Lumilingon sila sa iba kapag nakakakita ng dating kapatid sa kalsada. Ang Nobyang Pakakasalan ay hindi pa handang humarap kay Cristo kung patuloy ang gawaing ito.

Nais nating makita na maraming mga taong nagbagong-loob ay mabautismuhan, ngunit hindi ipapawalang-sala ng Dios ang pagkakahati-hating ito sa pamamagitan ng pagtawag ng mga bagong kapatid sa nagtatalo-talong katawan. Kanyang isasakdal ang sino mang ayaw ituloy ang landas patungo sa pagkakaisa at kaisahan ng mga kapatid.

Sa ngayon, maraming samahan ang may patakaran na hindi magbautismo ng sinoman na hindi magpahiwatig ng pangako na siya ay magiging kasapi ng kanilang grupo. Kadalasan, ang mga samahan na ito ay hindi rin papayagan ang mga "taga labas" na magPassover kasama ng kanilang mga kasapi. Hindi naman ito mga nakasulat na patakaran - para maaari pa rin itanggi. Gayunpaman, ito ay mga "patakaran" kung ang mga kaugaliang ito ay pinalalagpas ng mga nasa punong tanggapan, at kung ang mga pinuno nila ay sumasangayon dito. Hindi ipinagutos sa atin na "Humayo kayo sa buong sanlibutan at magbautismo sa inyong grupo." Kapag ang isang grupo ay hinihikayat ang kapisanan nila na iwasan ang ibang grupo, sila ay naghahasik ng binhi ng pagkakasalungatan.

Ang ilang mga kapatid ay itiniwalag, hindi dahil sa kasalanan o hidwaang pananampalataya, kundi para sa pampulitikang kapakinabangan. Ang mga kalapit na mga pastor ay ipinipikit na lang ang mga mata sa mabigat na kaugaliang ito - na hindi isinasaalang-alang na sila ay pananagutin ng Dios tulad ng may kasalanan. *"Ang sinomang magkasala sa pamamagitan ng pananahimik kapag siya'y inutusan na magbigay katibayan bilang saksi ng kaniyang nakita o nalaman, [siya ay magpapasan ng kanyang kasalanan]."* (Levitico 5:1 Moffatt)

Hindi papawalang-sala ng Dios ang sinomang ipinagkakalat ang Kanyang kawan. Huwag kayong maging bahagi nito at huwag suportahan ito. Ang mga tapat na kapatid ay dapat ding ipagdasal ang mga nagpaalis sa mga ipinagtabuyang mga kasapi, at maging halimbawa sa mga naghahati-hati sa Iglesia. Isasakdal ni Jesus, una, ang mga nagpalabas ng mga kapatid sa Iglesia habang sila ay mahigpit na kumakapit sa Katotohanan ng buong sigasig; pangalawa, isasakdal Niya ang mga hindi naghanap sa muling pakikisama sa Katawan ni Cristo.

"Ganito ang sabi ng Panginoong Dios, Narito, Ako ay laban sa mga pastor…ni hindi ninyo ibinalik ang mga pinalayas, o ni hindi hinanap ang nawala." (Ezekiel 34:10, 4)

Paano nananatiling kampante ang marami sa mga pinuno at mga kapatid sa pagkawatak-watak ng mga anak ng Dios? Wala tayong karapatang umupo na lang at magrelaks - na para bang ayos lang ang lahat. Ang ibig sabihin ng *"Pagsisikap"* ay ang mga santo ay aktibong hinahabol ang pagkakaisa. Hindi ito sentimiento lamang - o "tanggapin mo, o iwan mo" na pagpipilian.

Dapat natin gawin: *"Pagsikapan ninyong ingatan ang pagkakaisa sa Espiritu sa bigkis ng kapayapaan."* (Mga Taga Efeso 4:3)

Makikita natin na hindi lamang ang mga nasa ministeryo ang nakatalaga sa panganib! Ang mga kapatid din, ay binabalaan ng Dios na huwag magpadala sa mga grupo na nagiisip na, "Ang aming iglesia ay mas mabuti kaysa inyong iglesia." Ang isang kasapi ay hindi maaaring magsamantala o magpabaya sa pangangalaga sa ibang mga kapatid. Dapat mapagtanto nating lahat na tayo ay hinuhusgahan na ngayon kung paano tayo makitungo sa lahat ng ating mga kapatid, nasaan man sila. *"Ang paghuhukom ay nagsimula na sa bahay ng Dios!"* Hindi lamang ang mga pastor ang mahahatulan sa masamang gawain, kundi pati ang mga kapatid na mahilig makipagtalo ay hinuhusgahan:

"At tungkol sa inyo, O Aking kawan, ganito ang sabi ng Panginoong Dios; Narito, Ako'y maghuhukom sa pagitan ng tupa at tupa, lalaking tupa at kambing na lalaki." (Ezekiel 34:17 James Martin, Keil- Delitzsch)

Pagkilala sa Katawan ng Panginoon

Sa ngayon, ang mga grupo ng Iglesia ng Dios ay pinapatakbo nang malaya sa isa't-isa. Wala silang patakaran na kilalanin ang ibang grupo, o ang mga nawalay na kapatid. Sa Banal na Kasulatan, hindi pinapayagan na ang mga grupo ng mga Kristiyano na magkakatabing umiiral na hindi kinikilala ang isa't-isa. Kinakailangan ang pagkakaisa, at nangyayari lamang ang pagkakaisa kung mayroon tayong tamang relasyon sa Dios at sa isa't-isa. Sinabi ni Jesus sa atin na, bilang mga Kristiyano, prayoridad natin ang makipagkasundo, hindi lamang sa Dios, kundi pati sa isa't-isa. Itinuro ni Cristo na ang pakikipagkasundo ay mas mahalaga pa kaysa pagdalo sa simbahan.

"Makipagkasundo ka muna sa iyong kapatid, at magbalik ka at ibigay ang iyong handog." (Mateo 5:24)

Pangkaraniwan na lang na marinig natin na sinasabi, "Hindi tayo magkakaroon ng pagkakaisa sa Iglesia hanggang sa pagbalik ni JesuCristo." Huwag ninyo itong paniwalaan sapagkat mapanganib ang pagtanggap sa ganitong pahayag na parang katotohanan. Nais ni Jesus na magsikap tayo tungo sa pagkakaisa at kaisahan. Kapag tumigil tayo na magtrabaho para sa pagkakaisa ng mga anak ng Dios, tayo ay nahulog na sa patibong ng Kalaban.

Ang mga grupo ay hindi malaya sa kinakailangang pakikipagkasundo na sinabi ni Jesus. Kailangan natin maunawaan mula sa Kasulatan na hindi pinapayagan ng Dios na magkaroon tayo ng pagsasarili na hiwalay sa mga kapatid. Dahil sa ang ibang grupo ay hindi nais makipagkaisa sa ibang kasapi ng Iglesia, itinuturo nila na ang "kaisahan" na sinabi ni Jesus ay isa lamang espiritwal na konsepto. O kaya, ikinakatuwiran nila na ang "kaisahan" ay hindi mangyayari hanggang sa Pagkabuhay Muli ng Matuwid. Sinasabi nila na, "Ang magiging kaisa sa Ama at Anak ay magiging kaisa rin sa isa't-isa - isang estado na maaari lamang sa muling pagkabuhay ng mga patay at ang Banal na kasal na susunod." Sa ganitong konklusyon, pinapawalang-bisa nila ang Kasulatan sa pamamagitan ng paglagay sa hangarin at katuparan nito sa hinaharap. Malinaw na ang *Kaisahan* na layon ni JesuCristo ay para sa ngayon at dito - paano ito magiging halimbawa sa kasalukuyang masamang mundo. Pansinin niyo ang layunin ng kaisahang ito. Sabi ni Jesus na ang Iglesia ng Dios ay kailangang mapanatili at maipakita ang pagkakaisa at kaisahan upang ***"ang sanlibutan ay manampalataya"!***

"Upang silang lahat ay maging isa; na gaya Mo Ama sa akin, at ako ay sa Iyo, upang sila rin ay maging isa sa Atin: upang ang sanlibutan ay sumampalataya na Ako'y sinugo Mo." (Juan 17:21)

Ang mga totoong Kristiyano ay pumapasok sa Katawan ni Cristo kapag sila ay nabautismuhan. Dahil sa ang ating pagkakaisa sa Ama at sa Anak ay nagsisimula sa bautismo, ganoon din ang ating pakikiisa sa isa't-isa. Hindi sa pagkabuhay muli ng mga santo, kundi sa ating personal na pagkabautismo sa Katawan ni Cristo - nagiging kaisa sa lahat ng ibang kasapi ng Katawan. Sa bautismo, ang nagbagong-loob ay binabautismo rin sa Espiritu ng Dios - ang espiritwal na buhay ng Dios.

"Sapagkat sa isang Espiritu ay binabautismuhan tayong lahat ***sa isang katawan****…at tayong lahat ay pinainom sa isang Espiritu."* (1 Mga Taga Corinto 12:13)

May mas malinaw pa ba dito? Sa espiritwal na pananalita, ang mga kapatid ay nagiging isa - isa sa Espiritu, at isa sa Katawan ni Cristo. Sa pamamagitan ng kahulugan nito, ganap na hindi posible na ang isang Kristiyano ay magkaroon ng pagmamahal sa isang bahagi lamang ng Katawan ni Cristo. Hindi tayo maaaring maglingkod sa ilan at pabayaan ang pangangailangan ng ibang kapatid. Ang mga itinayong artipisyal na mga pader ng pagkakahati-hati sa mga organisasyon ng Iglesia, na naghihiwalay sa mga anak ng Dios, ay nakakadismaya, walang kahulugan, at mapanira. Hindi ito ayon sa Biblia at hindi maka-Dios.

"Na may buong kapakumbabaan at kaamuan, na may pagpapahinuhod, mangagtiisan kayo sa pagmamahal; Pagsumikapan na ingatan ang pagkakaisa sa Espiritu sa bigkis ng kapayapaan. May isang katawan, at isang Espiritu, gaya ng pagkatawag sa inyo sa isang pagasa ng pagtawag sa inyo." (Mga Taga Efeso 4:2-4)

Tiyak na ibig sabihin nito na ang mga magiging Nobya na Pakakasalan ni Cristo ay hindi dapat nagkakahati-hati. Sa Kaharian ng Dios walang maaaring magpilit na humiwalay sa ibang nilalang na espiritu. Ito ay nagbibigay ng isang magandang katanungan. Gaano kalaki ang magagawa ni JesuCristo sa Kanyang pagbalik - at gaano kalaki ang ating pananagutan ngayon sa ating buhay? Mahalaga ang kasagutan sa tanong na ito. Napakalinaw kung ano ang layon ng Dios - na ang mga tao ay matutong mamuhay, magmahal, magtrabaho, makipagugnayan, atbp., na magkakasama. Nais ng Dios na matutunan nating mabuhay na kasama ang isa't-isa, upang matutunan din natin mabuhay ng kasama Siya ng walang hanggan. *"Pagkabuti at pagkaligaya na ang mga magkakapatid ay manahan ng magkakasama sa pagkakaisa!"* (Mga Awit 133:1)

Ang totoong Iglesia ay mahigpit ang samahan, nagkakaisang pamilya - sambahayan ng Dios. Sinabi ni Pablo na hindi ito maaaring magkaputol-putol.

"….Hindi na kayo mga estranghero at mga banyaga, kundi kapwa mamamayan na kasama ng mga santo, at ng sambahayan ng Dios [ang Iglesia], na itinayo sa pundasyon ng mga apostoles at mga propeta, na si JesuCristo ang pangulong bato sa panulok, na sa Kanya'y ang buong gusali na nakalapat na mabuti ay lumalago upang maging isang templong banal sa Panginoon: na sa Kanya'y itinayo kayong magkakasama para maging tahanan ng Dios sa pamamagitan ng Espiritu." (Mga Taga Efeso 2:19-22).

Ang pagkakaisa at kaisahan ng mga santo ang magpapatunay sa sanlibutan na isinugo ng Ama si Jesus. Ang lahat ng pagpapahayag at paglalathala ay hindi nagkumbinse sa mundo, sa tamang paraan, na ang Dios Ama ay isinugo si JesuCristo - sapagkat tanging ang pagmamahalan lamang ng magkakapatid ang makakagawa niyon. Hindi pa rin alam ng sanlibutan. Naging mabuting halimbawa sana tayo - at dapat maging! *"O matuwid na Ama, hindi Ka nakikilala ng sanlibutan: ngunit nakikilala kita, at nakikilala ng mga ito na Ikaw ang nagsugo sa Akin."* (Juan 17:25)

Ang pagkakaisa ng magkakapatid sa Iglesia ang magkukumbinse sa sanlibutan na si Jesus ay isinugo ng Ama. Karangalan natin na nakilala ang Ama dahil inihayag ni Jesus ang Ama sa atin. At iyon ay dahil sa isinugo ng Ama si Jesus sa sanlibutan, at tinawag tayo. Kadalasan, tayo na nasa Iglesia ng Dios ay nagkakamali sa pag-iisip tungkol sa ating mga sarili habang ibinubukod ang iba. Hindi kinakansela ni Jesus ang sinoman. Hindi rin natin dapat gawin iyon - lalo na ang mga nawalay na mga santo! *"[JesuCristo] hindi Niya ibig na sinoman ay mapahamak, kundi na ang lahat ay magsipagsisi."* (2 Pedro 3:9)

Ano ang kailangan gawin upang mapangalagaan ang Katotohanan? Uupo na lang ba tayo at sasabihing, "Hintayin natin ang Dios na ayusin iyon"? O inaasahan ba ng Dios na gagawin natin lahat ng ating makakaya para pangalagaan ang Katotohanan na minsang ibinigay? Kailangan natin tanungin ang ating mga sarili, "Natutukoy ba natin at hinihikayat ang mga kumakapit ng mahigpit sa Katotohanan? Sinabi ng Dios na dapat natin gawin ito. Makikilala ba natin si JesuCristo sa pamamagitan ng Kanyang mga kinikilos kung nandito Siya sa lupa ngayon? Hindi ba Niya papansinin ang ibang Kristiyano? Kailangan natin hanapin ang iba pa na kumakatawan sa Katotohanan. Hindi dapat magkaroon ng paligsahan ang mga grupo. Mainit nating tanggapin at yakapin lahat ng mayroong Banal na Espiritu. Kailangan nating gawin ang lahat ng maaari upang tulungan ang isa't-isa sa pananampalataya. Ipakita natin ang pagiging palakaibigan sa lahat ng mga kapatid.

Ang Iglesia ng Dios ngayon ay hindi nagkakaisa. Hindi tayo isa. Alam natin na dapat tayong maging isa sa pamamagitan ng pakikibahagi sa Tinapay ng Buhay, na si JesuCristo, ang ating Passover (1 Mga Taga Corinto 5:7) Tungkol sa pagkakahati-hati sa Iglesia, ipinakita ni Pablo na ang ating Kaligtasan ay nakasalalay sa ating pangangalaga sa isa't-isa. *"Sapagkat una sa lahat, kapag kayo'y nagkakatipon-tipon sa Iglesia, nabalitaan ko na may pagkakahati-hati sa inyo."* (1 Mga Taga Corinto 11:18)

Ang "pagkakahati-hati" ang paksa nang sinulat ni Pablo na ang katawan ng Panginoon ay hindi kinikilala ng tama. Sinabi niya na kailangang suriin natin ang ating mga sarili kung tayo ay nakikibahagi sa pagkakahati-hati bago makibahagi sa Passover.

Hindi natin maaaring kamuhian, kainisan, o di-tanggapin ang sinoman sa mga santo; ang pag-uugaling ito ang ibig sabihin ng hindi pagkilala sa katawan ng Panginoon. Tungkulin nating palawigin ang sakop ng ating pakikisama sa lahat ng mayroong Banal na Espiritu ng Dios. Inilarawan ni Pablo ang ating pagsusuri sa sarili na tamang *"pagkilala sa katawan ng Panginoon."* Nauunawaan ba natin ang buong layon ng Kasulatang ito?

Una sa lahat, kailangan nating lubusang maintindihan ang ibig sabihin ng **Katawan ng Panginoon** mula sa Biblia mismo. ***Ang Katawan ni Cristo ay ang Iglesia ng Dios.*** Ang konseptong ito na ang Katawan ni Cristo ay binubuo ng lahat ng mga kapatid sa Iglesia ay matibay na itinaguyod sa Kasulatan.

> *"Para sa kapakanan ng Kanyang [ni Cristo] Katawan, na siyang Iglesia."* (Mga Taga Colosas 1:24)
>
> *"Kayo ang Katawan ni Cristo, at mga kasapi ang bawat isa."* (1 Mga Taga Corinto 12:27)
>
> *"...Ang Iglesia, na siyang Katawan Niya."* (Mga Taga Efeso 1:22-23)
>
> *"Tinawag kayo sa isang Katawan; at kayo'y maging mapagpasalamat."* (Mga Taga Colosas 3:15)

"Sapagkat kung paano sa isang katawan mayroon tayong maraming mga kasapi…gayon din tayo, na marami, ay iisang katawan kay Cristo, at ang bawat isa ay mga kasapi ng isa't-isa. (Mga Taga Roma 12:4-5)

> *"Ang tinapay na ating pinagpuputol-putol, hindi baga siya [pakikisama] ng katawan ni Cristo? Bagaman tayo ay marami ay iisa lamang tinapay, at iisang Katawan."* (1 Mga Taga Corinto 10:16-17)

> *"Sa ikasasakdal ng mga santo… sa ikatitibay ng Katawan ni Cristo."* (Mga Taga Efeso 4:12)

"... at lahat ng mga kasapi ng isang Katawang iyon, bagama't marami, ay iisang Katawan: gayon din naman si Cristo." (1 Mga Taga Corinto 12:12)

Maraming mga bersikulo ang matibay na nagtataguyod na *ang "Katawan ng Panginoon"* ay tuwirang tumutukoy sa mga tao ng Iglesia ng Dios. Nang sinabi ni Pablo na dapat natin *"kilalanin ng tama ang Katawan ng Panginoon,"* ibig niya sabihin na hindi tayo maaaring makibahagi sa Passover habang tayo rin ay nakikibahagi sa anomang pagkakahati-hati: *ang nasira, nabasag na kundisyon ng Iglesia.* Ang Iglesia ng Dios ay hindi dapat masira. Ngayon, isaalang-alang natin ng mas mabuti kung ano ang ibig sabihin ni Pablo sa *"pagkilala* sa Katawan ng Panginoon."

Ang Mga Buto ni Jesus ay Hindi Nabali

Ang propesiya na nagsasabing hindi mababali ang mga buto ni Jesus ay natupad. Si Jesus ay binugbog, ipinako, tinusok, at pinatay. Nalantad pa ang Kanyang mga buto. Bakit mahalaga na ang Kanyang mga buto ay hindi mabali? Ang kasagutan ay nasa integridad ng "Katawan ng Panginoon" – ang mga tao ng Dios na "*Kanya ring mga buto."* Si Adan ay nagsalita para kay Jesus at mga kapatid sa Iglesia nang sinabi niya, *"Buto ng Aking mga buto, at laman ng Aking laman."* (Mga Taga Efeso 5:30, 32, Genesis 2:23).

Ang Iglesia ni Cristo ay dapat ring manatiling hindi nababali at hindi magkabasag-basag. Hindi kalooban ng Dios na ang "Katawan ni Cristo" – mga kapatid sa Iglesia, ay magkahiwa-hiwalay. Ang kalooban Niya ay ang tunay na katawan ng mananampalataya ay magkaisa sa pagmamahal at sa Espiritu – at iisa ang kaisipan. Ang Iglesia ng Dios ay hindi dapat masira – ito ay dapat maging handa na may pagkakaisa at kaisahan upang maging Nobya na inihanda ang sarili para sa Hapunan ng Kasal ng Kordero (Apocalipsis 19:7).

Mayroon mga nagtanong, "Hindi ba ang katawan ni Jesus ay binali upang maging kabayaran para sa ating paggaling?" Inihayag sa Kasulatan na para sa ating paggaling si Jesus ay tumanggap ng mga "latay" – hindi binali ang mga buto. *"Na dahil sa Kanyang mga latay ay nangagsigaling kayo."* (1 Pedro 2:24, Isaias 53:5)

Ang mga manuskrito ng Biblia ay hindi nagpahiwatig na ang katawan ni Cristo ay binali. Ang mga tagasalin ng King James, hindi napagtanto ang kahalagahan ng pananatiling buo ng mga buto ni Cristo (Exodus 12:46), ay dinagdagan ng palamuti ang tekstong Griego. Idinagdag nila ang mga katagang "na binali" sa sumusunod na bersikulo – na wala sa orihinal na teksto. *"Ang Panginoong Jesus... dumampot ng tinapay: at nang Siya'y makapagpasalamat, ay Kanyang pinagputol-putol, at sinabi, kunin ninyo at kainin: ito ang Aking katawan, na pinagputol-putol para sa inyo: gawin ninyo ito bilang pagalaala sa akin."* (1 Mga Taga Corinto 11: 23-24)

Pinutol-putol ni Jesus ang tinapay na walang lebadura na nagsisimbolo sa Kanyang Katawan. Ang kahulugan ng Griegong *'klao',* Strong's bilang 2806, ay "pumutol ng tinapay," katulad ng sa himala ng mga tinapay at mga isda. Ang katagang ito ay hindi ginamit upang ipakahulugan ang pagsisira ng mga buto. Ang ibig sabihin nito ay magsalo sa pagkain katulad ng ginagawa ng mga santo noon: *"at sa pagpuputol-putol ng tinapay sa bahay-bahay, at nagsisikain sila ng kanilang pagkain na may galak at may katapatan ng puso."* (Mga Gawa 2:46)

Si Jesus ay hinampas ng maraming latay. Ipinako Siya sa krus, at Siya'y namatay – ngunit ang Kanyang mga buto ay hindi binali. *"Nang magsiparoon sila kay Jesus, at nakitang Siya'y patay na, ay hindi na nila binali ang Kanyang mga binti: Ngunit ang isa sa mga kawal ay tinusok ang Kanyang tagiliran ng sibat, at pagdaka'y lumabas ang dugo at tubig... ang mga bagay na ito ay nangyari, upang matupad ang kasulatan, Ni isa mang buto Niya'y hindi mababali."* (Juan 19:33-36). Ang di-kapanipaniwalang simbolismo na ito ay may napakalaking kahalagahan para sa atin ngayon.

Binigyan ng labis na halaga ng Dios ang propesiya tungkol sa mga buto ni Jesus. Sinabi na si Jesus ay tatanggap ng mga "latay," ngunit wala sa mga buto Niya ang mababali. Si David ay binigyang inspirasyon ni Cristo upang ibigay ang propesiya na ito ukol sa Mesias. *"Kaniyang iniingatan ang lahat niyang mga buto: wala isa man sa mga yaon na nabali."* (Mga Awit 34:20)

Inihahayag sa Kasulatan na tayo, na mga santo ng Dios, ay kinakatawan ng mga buto ni HesuCristo. *"Sapagkat tayo ay mga kasapi ng Kanyang katawan, ng Kanyang laman, at ng Kanyang mga buto."* (Mga Taga Efeso 5:30).

Bilang Asawa ni Cristo sa hinaharap, tayo, ang Iglesia ng Dios, *ay "Kanyang mga buto,"* katulad ni Eba na buto ng mga buto ni Adan. (Genesis 2:23, Mga Taga Efeso 5:30)

Pagpapagaling

Ang pagpapagaling na ginagawa ni Jesus para sa atin ay umaabot nang higit pa sa ating mga pisikal na alalahanin, hanggang sa mga kumplikado at malawak na sakop ng mga sakit na maaaring manaig at makapinsala sa buong pagkatao. Ang pagpapagaling ay sumasaklaw sa espiritwal, emosyonal, at sikolohikal na mga aspeto ng ating buhay. Sa maikling salita, pumarito si Jesus sa lupa upang pagalingan ang mga nasirang buhay. Sa susunod na bersikulo, kung saan binanggit ni Jesus ang sinabi ni Isaias, makikita natin ang ibang Griegong kataga para sa sirain. *'Suntribo,'* Strong's bilang 4937, na ang kahulugan ay "basagin o pagputol-putolin" –na isinalin dito na "bagbag na puso."

"Ang Espiritu ng Panginoong Dios ay sumasa Akin, sapagkat ako'y pinahiran Niya upang ipangaral ang ebanghelyo sa mga dukha; Ako'y sinugo Niya upang magpagaling ng mga bagbag na puso." (Lucas 4:18, Isaias 61:1) Pumarito si Jesus upang ipangaral ang ebanghelyo at pagalingin ang mga nasirang buhay.

Kinastigo pa ni Jesus ang mga pastol (mga ministro) na nagdulot ng pagkakawatak-watak, at hindi inayos ang mga nasirang buhay ng mga kapatid. Ginamit din sa Ezekiel 34:4 ang parehong kataga para sa *nasira* katulad ng paggamit sa Isaias 61:1 para sa bagbag na puso – na ang ibig sabihin ay "nabasag."

"Hindi ninyo pinalakas ang mga may sakit, ni hindi ninyo pinagaling ang may karamdaman, ni hindi ninyo tinalian ang may bali [nabasag], ni hindi ninyo ibinalik yaong pinaalis." (Ezekiel 34:4)

May direktang kaugnayan sa pagitan ng ating kagalingan at ng pagkakaisa at kaisahan na binabahagi natin sa lahat ng anak ng Dios, na bumubuo sa katawan ng Panginoon. Sinabi ni Pablo na ang pagkakasakit at kamatayan ay bunga ng pakikibahagi sa Passover habang may pagkakahati-hati sa mga santo. *"Dahil dito marami sa inyo ang mahihina at masakitin, at marami ang nangatutulog."* (1 Mga Taga Corinto 11:30)

Ang pagkilala sa katawan ng Panginoon ay nangangahulugan ng pagtanggap ng sakripisyo ni JesuCristo sa paraang nilayon nito. Ang nakaraan nating pagkakasala ay tinanggal at tinakpan nang tayo ay tinubos at inaring-ganap sa pamamagitan ng mahalagang dugo na ibinuhos Niya. Tayo ay pinagkasundo sa Dios Ama sa pamamagitan ng kamatayan ng Kanyang Anak. Tayo ay pinapagaling ng Kanyang mga latay. Naghihintay sa atin ang kaligtasan sapagkat si Jesus ay muling binuhay ng Ama, kaya't tayo ay maliligtas sa pamamagitan ng Kanyang buhay. (1 Pedro 1:18-21, Mga Taga Roma 5:9-10, 1 Pedro 2:24)

Kailangan natin mapagtanto na ang buong proseso ng pagpapagaling at kaligtasan ay nakasalalay sa ating pagkakaroon ng direkta at positibong pakikipagugnayan at pakikiisa sa mga anak ng Dios. Kung tayo, na mga tinawag ng Dios, ay walang tunay na debosyon at maka-Dios na pagmamahal sa mga kapatid, minamaliit natin ang sakripisyo ni Cristo at magdudusa ng pagkakasakit at kamatayan.

Ang pangunahing papel ng mga itinalagang pinuno ay turuan ang mga tao sa mga paraan ng Dios – mga "katuwang sa inyong kaligayahan." (2 (Mga Taga Corinto 1:24) Ang mga tunay na tagapaglingkod ay namumuhay sa pamamagitan ng pagpapakita ng maka-Dios na halimbawa para gayahin ng iba. Kailangan ay may pagmamahal sila sa Dios na higit pa sa anuman sa kanilang buhay. Kasama na rito ang anumang katapatan sa kanilang grupo, mga kaibigan; at kahit pamilya pa. Nangunguna dapat ang Dios at nakikita sa kung paano sila mamuhay. Kailangan mag-ingat sila na hindi pahintulutan ang karangyaan na kasama sa pamumuno na "palakihin ang kanilang ulo" at isipin ang sarili kaysa ang mga kapatid.

Si Elias ay propeta ng Dios. Siya ay buong lakas na ginamit ng Dios. Ngunit, napansin niyo ba ang bayang Israel ay hindi pinapaabot ang bawat detalye sa kanya? Ni hindi batid ni Elias na mayroon pang ibang mga tapat na tao (1 Mga Hari 19:10). Mayroong pitong libong mga Israelita na walang malapit na pakikipagugnayan kay Elias – gayunpaman, sila ay espesyal sa Dios. Pansinin niyo kung paano sinabi ito ng Dios.

"Gayon ma'y iiwan ko'y pitong libo sa Israel, lahat ng tuhod na hindi nagsiluhod kay Baal, at lahat ng bibig na hindi nagsihalik sa kanya." (1 Mga Hari 19:18)

Ang mga pinuno ng Iglesia na hindi aktibong pinanunumbalik ang pagkakaisa ng mga anak ng Dios ay gumagawa ng malaking pagkakamali. Kailangan silang maging bahagi ng solusyon, kundi sila ay pananagutin ng Dios sa pagiging bahagi ng problema. Ang mga anak ng Dios ay dapat may pag-aari sa kanilang Pananampalataya. Nagkaroon ng hindi balanseng pamumuno na parang mga "panginoon" sa mga kapatid, sa halip na may tamang pangangalaga sa *'ekklesia'* – ang mga taong tinawag ng Dios. Sa pagbabalik ni Cristo, wala nang mga hiwalay na mga samahan o organisasyon ng Iglesia. Lahat ay magtutulungan ng sama-sama. *"Ang Dios...ipinagkatiwala sa amin ang salita ng pagkakasundo."* (2 Mga Taga Corinto 5:19)

Sangkot sa ating pananampalataya ang ating relasyon sa ating kapwa tao. Walang sinoman ang dapat mag-isip na siya ay nasa mabuting kalagayan sa Dios dahil siya ay nasa "tamang" grupo ng Iglesia. Ang mga gusali at mga organisasyon ay hindi ang Iglesia. At hindi rin dapat isipin ng sinoman na "mas malapit" siya sa Dios dahil sa kanyang ordinasyon o sa kanyang posisyon.

"Yamang nilinis ninyo ang inyong mga kaluluwa sa pagtalima sa katotohanan sa pamamagitan ng Espiritu sa pagmamahal na hindi pakunwari sa mga kapatid, ay mahalin ninyo ang isa't-isa ng taimtim na may dalisay na puso." (1 Pedro 1:22)

Isang Bagay Na Ukol Sa Kaligtasan

Minsan tayo naging bahagi ng isang gawain sa buong mundo – sa halos bawat bansa. Marami ang tinawag upang maging Kristiyano. Ngunit hanggang saan tayo tunay na Kristiyano sa ngayon? Ilan sa ating mga kapatid ang nagpatuloy sa pagiging perpekto na hinihingi ni Cristo sa atin? *"Tayo'y magpatuloy sa kasakdalan."* (Hebreo 6:1)

Ang mga polisiya sa Iglesia na nakadesenyo upang mapangalagaan ang organisasyon sa halip na ang mga kapatid ay mali. Ang pagkilala sa Katawan ng Panginoon ay hindi nauunawaan kung ang mga pastor ay inuutusang dumistansya sa mga kaso na kinasasangkutan ng pag-abuso sa bata. Ang tunay na Kristiyanismo ay laging mayroong tunay na pangangalaga sa iba, at tunay na paglilingkod sa kanila.

Ang mga Pariseo ng panahon ni Jesus ay nagkamali sa masyadong magaan na pagsukat ng kanilang pananampalataya. Isinaad sa Biblia ang pagsusulit ng Dios sa mga kasapi ng Kanyang Iglesia laban sa mga sumusunod sa paraan ni Satanas. Walang gustong maniwala, "Si Satanas ay hawak ako."

"Dito nahahayag [paano mo masasabi] ang mga anak ng Dios at ang mga anak ng diablo: ang sinomang hindi gumagawa ng katuwiran ay hindi sa Dios, ni ang ***hindi nagmamahal sa kanyang kapatid****."* (1 Juan 3:10)

Dito ay ipinaliwanag ni Juan ang hilagyo ng maka-Dios na Kristiyanismo – *pagkamatuwid at pagmamahal sa kapatid.* Sa Iglesia ng Dios binigyang diin natin ang pagkamatuwid – higit pa sa pagkakaisa at kaisahan ng pagmamahal na pangkapatid. Walang puwang sa kahulugan ng mga bersikulo na ito ang kulang na pagbigay diin sa pagmamahal na pangkapatid.

Ang Kristiyano sa pamamagitan ng kanyang mga gawa ay magiging mapagalaga, mapaglingkod, mapagmahal – ginagawa kung ano ang tama para sa ating mga kapatid. Hindi ito mangyayari kung may pagkakahati-hati. Ang pagtupad sa utos ng Dios ay hindi posible kung hindi tayo nakikipagugnayan sa isa't-isa. Nagbigay pa si Juan ng isang nakakagulat na pahayag – isang pahayag na nawala na sa karamihan ng nasa Iglesia ng Dios ngayon. Maaari ba tayong magkaroon ng kaligtasan kung walang pakikisama at pagmamahal para sa mga kapatid? Malinaw ang Kasulatan. Ang pakikisama ay isang bagay na ukol sa kaligtasan.

"Nalalaman nating tayo'y nangalipat na sa buhay mula sa kamatayan, sapagkat tayo'y nagmamahal sa mga kapatid. Ang hindi nagmamahal sa kapatid ay nananahan sa kamatayan." (1 Juan 3:14)

Maraming taoang magsasabi na mahal nila ang mga tao sa kanilang grupo, kung kaya't sila ay tumutupad sa Kasulatan. Sumasangayon ba kayo na *lahat* ng binigyan ng Espiritu ng Dios ay ating mga kapatid, at marami tayong kapatid sa iba't-ibang grupo? Kung gayon, kailangan din natin mahalin ang mga kapatid na iyon, at hindi lamang ang mga nasa grupo natin. Ito ang prayoridad ng Dios para sa kaligtasan. Napakasimple nito – at hindi ito opsyonal. Kung hindi natin mahal ang ating mga kapatid, tayo ay patungo ng kamatayan. Halos lahat ng tao ay magsasabi na, "Mahal ko ang lahat ng mga Kristiyano." Hindi sapat ang salita lamang.

Hindi natin ito basta matatakasan. Napagtanto ni Juan na maraming tao ang magpapahayag ng hangarin para sa *pagkakaisa at kaisahan* – habang wala namang ginagawa para mangyari ang pagkakasama-sama ng lahat ng mga nananampalataya.

"Mumunti kong mga anak, huwag tayong magmahal sa salita, ni sa dila man; kundi sa gawa at katotohanan." (1 Juan 3:18)

Huwag natin itanggi ang pangingibabaw sa Kasulatan ng mga pahayag ng utos ng Dios na ang Kanyang mga tao ay magpakita ng napakahalagang katangian ng *pagiging isa* – na nagbibigay katuparan sa *kaisahan* sa bawat kapwa tagapaglingkod.

"Ang sinomang mayroong mga pag-aari sa sanlibutang ito, at nakita ang kanyang kapatid na nangangailangan, at ipagkait ang kanyang awa, paano nananahan ang pagmamahal ng Dios sa kanya?" (1 Juan 3:17)

"Kung ang isang kasapi ay nagdurusa, lahat ng mga kasapi ay magdurusang kasama niya; o kung ang isang kasapi ay parangalan, lahat ng kasapi ay kasama niyang magagalak." (1 Mga Taga Corinto 12:26)

Kung ang lahat ng mga grupo ay lubos na mapagtanto na tunay na tayong lahat ay iisang Katawan, lahat tayo ay sama-samang magsusumikap tungo sa pagkakaisa. Ang *layunin ng pagkakaisa* batay sa maka-Diyos na pagmamahal ay higit na mahalaga kaysa pag-aalala sa maliliit na bagay. Lahat ng mga anak ng Dios ay nagbabago sa iba't-ibang antas ng pagbabagong-loob. Batid ng Dios na ang ating pag-unlad bilang mga Kristiyano ay magkakaiba – na nagbibigay pagkakataon sa atin upang matutunan nating maglakad at magsumikap ng sama-sama. Ang pagpapatawad at awa ay ang tumutulong sa mga tunay na Kristiyano na makipagugnayan – kahit na ano pa ang antas ng ating pagbabagong-loob.

"Datapwat ngayo'y inilagay ng Dios ang bawat isang kasapi sa katawan, ayon sa Kanyang kagustuhan." (1 Mga Taga Corinto)

Ang Tungkulin ng Isang Kristiyano

Kung maaari nating tanungin si JesuCristo ngayon, sino sa palagay niyo ang sasabihin Niya na dapat nangangalaga sa mahalagang Katotohanan na ating tinanggap? Walang mayroon nito ngayon, liban sa mga nagkahiwa-hiwalay na anak ng Dios. Mga kapatid, nasa atin ang Katotohanan ng Dios. Ang Katotohanan ay nasa atin upang isabuhay, panatilihin, at pangalagaan. Ang Kasulatan ay inihahalintulad tayo sa isang gusali na itinayo sa isang pundasyon na hindi matitinag, sapagkat tayo, na mga santo, ay itinayo sa Bato na iyon – si JesuCristo. Huwag ninyong ikatwiran na ang pananatili ng Katotohanan ay nakasalalay sa mga korporasyon o organisasyon. Hindi; tayo mismo ang kailangang magpatuloy sa pagsasabuhay ng Katotohanan ng Dios.

"Siya ay tulad sa isang tao na nagtatayo ng bahay, at humukay ng malalim, at inilagay ang pundasyon sa bato: at nang dumating ang baha, ay hinampas ng agos ang bahay na iyon, at hindi nagalaw: sapagkat ito'y pinagtibay sa bato. Datapwat ang dumirinig, at hindi ginagawa, ay tulad sa isang tao na nagtayo ng bahay sa lupa na walang pundasyon; laban sa iyon ay hinampas ng agos, at pagdaka'y nagiba; at malaki ang naging kasiraan ng bahay na iyon." (Lucas 6:48-49)

Sapagkat labis tayong mahal ng Dios na kusa Niyang ibinigay ang Kanyang Anak upang tayo ay magkaroon ng walang hanggang buhay – at labis tayong mahal ni Jesus na kusa Niyang ibinigay ang Kanyang buhay para sa atin – ano ang kailangan nating gawin upang mapakita natin ang ganoong uri ng pagmamahal?

"Dito'y nakikilala natin ang pagmamahal ng Dios, sapagkat ibinigay Niya ang Kanyang buhay para sa atin: at nararapat nating ibigay ang ating mga buhay para sa ating mga kapatid." (1 Juan 3:16)

Ipagpasalamat natin na maaari tayong maging mga espiritwal na sakripisyo – na kaya natin ipagsapalaran ang lahat alang-alang sa mga prinsipyo ng Dios – at panatilihin pa rin ang ating pisikal na buhay. Para kay Pablo, ito ay makatwiran at kasiya-siyang paraan upang ibigay ang ating buhay.

"Kaya nga, hinihiling ko sa inyo, mga kapatid, sa pamamagitan ng kahabagan ng Dios, na inyong iharap ang inyong mga katawan bilang buhay na sakripisyo, banal, kaayaaya sa Dios, na siya ninyong makatwirang paglilingkod." (Mga Taga Roma 12:1)

Karamihan ng mga tao ay magiliw kapag inyong nilapitan, ngunit tayo dapat ang magkusa na lumapit sa iba nating mga kapatid upang itaguyod at ibalik ang mga pagkakaibigan. Maari nating simulan sa mga madaling paraan – tulad ng pagbigay ng mga kard ng pagbati sa mga anibersaryo, mga sulat o tawag upang patibayin ang kanilang loob. Malalaman mo na lang na mayroon ka nang dating kaibigan. Sinabi ng Dios, na kapag ginawa natin ang "tama" sa paglapit, paglilingkod, at pagmahal sa ating kapwa tao, ito ay makakahawa sa Kanyang mga anak. *"Ang nagmamahal sa kanyang kapatid ay nananahan sa liwanag, at walang kadahilanan ng kanyang ikakatisod."* (1 Juan 2:10)

Sa ating paglapit sa lahat ng ating mga kapatid, sa bawat pagkakataon, tayo ay kusang nahahantad sa kahinaan. Tinatawag ito ni Pablo na *buhay na sakripisyo* upang ipahatid ang kahulugan nito. Ang mga sapilitang malalagay sa Kapighatian kalaunan ay makikita nila na hindi nila nasunod ang halimbawa ni Cristo ng *pagaalay ng buhay* para sa mga kapatid. Narito ang aral para sa atin. Naalala

niyo ba nang ang alibughang anak ay "natauhan" at bumalik sa kanilang tahanan? (Lucas 15:17) Pagkatapos ay ang kapatid ng alibughang anak ay nagpakita ng maling saloobin at hindi masaya na nakita siyang bumalik. Hindi natin dapat gawin ang pagkakamaling ito. Ang saloobin natin ay dapat maging katulad sa ama na masayang sumalubong sa kanyang minsang naligaw na anak. Para sa mga nakalimot sa kahalagahan ng pagkakaisa at kaisahan sa Pamilya ng Dios, dapat nilang balikan ang mga pangunahing kaalaman. Kailangan natin ipagdasal sa Dios na palambutin ang ating mga puso at palambutin ang mga puso ng mga hindi pa *"natatauhan."* Ipagdasal rin natin na makabalik ang mga lumisan sa tunay na diwa ng Kristiyanismo para sa isang kapalit na anyo ng relihiyon. Ang saloobin natin ngayon ay kailangang katulad ng sa ama ng alibughang anak. Kailangan natin magsumikap na isama ang ating mga nawalay na mga kapatid sa isang pagsasamahan at ipakita sa kanila na sila ay tunay na nirerespeto.

Ano ang dapat gawin ng isang Kristiyano? Ano ang ating indibidwal na pananagutan para maisakatuparan ang Kristiyanong pagkakaisa – ngayon sa kasalukuyang panahon? Tama ba ang pagsasabuhay natin ng Kristiyanismo?

Ang ating mismong kaligtasan ay nakataya. Lubhang napakahalaga na suriin natin ang ating espiritwal na paglago. Kailangan kumbinsido tayo na ginagawa natin ang tama. Alam ba natin kung paano makikilala ang tunay na Kristiyano? Binabalewala ba natin ang ating pananampalataya na siyang tinatag ni Jesus? Inaakala ba natin na "tayo ay mga Kristiyano" dahil lamang tayo ay pumupunta sa "iglesia" tuwing Sabado? Alam natin na nang dumating si Jesus ay ipinangaral Niya ang Kaharian ng Dios at na ang gantimpala ng naligtas ay hindi ang langit? Dahil ba doon ay Kristiyano na tayo? Alam natin ang tungkol sa mga araw ng kapistahan, lugar ng kaligtasan, mga pagkaing malinis at di-malinis, kapangyarihan ng Beast, at pagpapahid ng langis. Nagiging tunay ba tayong Kristiyano dahil sa kaalaman tungkol sa mga mahahalagang katotohanan na ito?

Tayo ay nabigyang pribilehiyo sapagkat nauunawaan natin ang maraming bagay sa propesiya sa pamamagitan ng susi ng kaalaman kung sino ang Israel. Nalaman natin ang kahalagahan ng pagpapahayag ng ebanghelyo sa buong mundo bilang saksi. Naitatag natin ang ating sariling natatanging kultura sa iglesia, na may mga sermonet, mga himno, pagsasalo-salo ng pagkain, at Spokesman Club. Dahil ba sa mga ito tayo ay nagiging Kristiyano? Hindi.

Hindi tayo nagiging Kristiyano dahil sa kaalaman ng mga bagay na ito, pero tayo ay mananagot sa kung ano ang alam natin. Karamihan sa mga gawing ito ay kaaya-aya at nagbibigay kasiyahan at hindi nagdala ng paguusig sa atin. Oo, ang ilan sa atin ay nausig nang dahil sa Katotohanan at sa paglaban sa apostasiya – ngunit hindi pa tayo nakipaglaban hanggang sa kamatayan, sa pagsusumikap laban sa kasalanan (Mga Hebreo 12:4). Darating pa ang maraming pag-uusig sa mga tumutupad ng mga salita ni Cristo. Sinabi ni Jesus na ang lahat ng sumusunod sa Kanya ay dadaan sa paguusig.

"Oo, at lahat ng mabubuhay ng may kabanalan kay Cristo Jesus ay daranas ng paguusig." (2 Kay Timoteo 3:12)

"Kayo ay palalayasin nila sa mga sinagoga: oo, darating ang oras, na sinomang pumatay sa inyo ay aakalaing naghahandog siya ng paglilingkod sa Dios." (Juan 16:2)

Ang paninindigan para sa mga prinsipyo ng Dios ay tama, at hindi nagiging sanhi ng pagkakahati-hati na karapat-dapat para itiwalag sa Iglesia. Ang mga "nagpalayas" sa atin ay pinalayas lamang tayo sa kanilang organisasyon – hindi sa Iglesia ng Dios. Ang mga lalaki na naglilingkod lamang sa organisasyon ang nagtakwil sa atin. Hindi tayo tinakwil ng Dios. Sinabi nila, "kahihiyan sa inyo," at ginawa tayong parang palaboy. Pero hindi bale. Mabuti ang itakwil para sa tamang dahilan. Nag-iwan sa atin ng halimbawa si Cristo, na dapat natin sundan ang Kanyang mga yapak. Sinabi ng Dios sa propesiya na ang Kanyang mga tao ay lalabas upang sundan ang Katotohanan.

"Ang magtagumpay ay gagawin Kong haligi sa templo ng Aking Dios, at hindi na siya'y lalabas pa doon." (Apocalipsis 3:12)

Kung wala sa mga nangyari sa Iglesia ang naging sapat na dahilan para ikaw ay mag-abala upang manindigan – at maging sanhi para tayo ay maging buhay na sakripisyo – kung gayon ay dapat natin tanungin kung tayo ba ay gising o tulog. Mayroong mga kasapi at mga ministro na hindi nakakita ng dahilan para ugain ang bangka ng kanilang mga organisasyon. Para sa kanila ang lahat ay maayos naman. Hinayaan lang nila ang mga pagbabago ng mga doktrina, mga politikal na gawi, at mga polisiya sa Iglesia sa paraan ng hindi tamang pagtrato sa ibang mga kasapi.

Ang Gawain ng Dios

Ang Dios Ama ang lumilikha ng mga mananampalataya kay JesuCristo. Kapag tayo ay tumutulong sa gawaing iyon – sa Kristiyanismo – tayo ay gumagawa ng mga gawain ng Dios. Si Jesus ay tinanong, *"Ano ang kailangan namin gawin upang magawa ang mga gawain ng Dios? Sumagot si Jesus at sa kanila'y sinabi, Ito ang gawa ng Dios, na kayo'y sumampalataya sa Kanya [Jesus] na Kanyang [ang Ama] sinugo."* (Juan 6: 28-29)

Ilang mga kapatid ang tinuturuan na sila ay nasa tamang organisasyon, at na ginagawa nila "ang Gawa" ng pagsasahimpapawid at paglathala ng "mabuting balita" sa buong sanlibutan? Kagulat-gulat man sa ilan, *hindi* iyon ang kabuuan ng Gawa ng Dios. Tanungin natin ang ating mga sarili ng isang seryosong tanong. Umaasa ba tayo na ang Dios ay tatawag pa ng mga bagong kapatid upang mapunta sa isang grupo na hindi ginagawa ang tunay na diwa ng Kristiyanismo? Kung ang grupo ay hindi nagtataglay ng mahahalagang katangian ng Kristiyanismo, paano lalago sa pagpapala at kaalaman ang bagong tao na tinatawag?

Ang resulta sa huli ng lahat ng pag-ebanghelismo ay dapat na ang mga tao sa mundo ay magsisimulang maniwala kay JesuCristo, magsisisi, at magsasamasama sa *pagkakaisa at kaisahan* – minamahal ang Dios at ang isa't-isa bilang mga Kristiyano. Ginawang klaro ng Dios na ang pangangaral at paggawa ng maraming nakakamangha na mga bagay ay *hindi* ang pinakamahalaga sa Kanya.

"Marami ang mangagsasabi sa Akin sa araw na iyon, Panginoon, Panginoon, hindi ba nagpropesiya kami sa Iyong ngalan? At sa pangalan Mo nangagpalayas kami ng mga demonyo? At sa pangalan Mo ay gumawa ng maraming nakakamanghang gawa? At kung magkagayo'y ipapahayag Ko sa kanila, Kailan ma'y hindi Ko kayo nangakilala: magsilayo kayo sa Akin, kayong manggagawa ng [kawalan ng batas]." (Mateo 7:22-23)

Ikumpara ninyo ang huling mga kataga na *kawalan ng batas*, sa susunod na bersikulo, na naglalarawan ng prayoridad ng Dios para sa atin. Sinabi ng Dios na ang hindi pagmahal sa ating kapwa tao ay *"kawalan ng batas."* Ano ang sabi ng Dios na kabaligtaran ng *"kawalan ng batas"*? *"Sapagkat ang buong kautusan ay natutupad sa isang salita, samakatuwid ay dito: Mamahalin mo ang iyong kapwa na gaya ng iyong sarili."* (Mga Taga Galacia 5:14)

Ginawa ring klaro ni JesuCristo na ang interpretasyon ng propesiya ay *hindi* ang nangungunang prayoridad ng isang tunay na Kristiyano. Tama, ang mga propesiya ng Dios ay sadyang para magbigay kaalaman, para magbigay konswelo, at para hikayatin tayo. Ang propesiya ay ibinigay para magkaroon tayo ng katiyakan sa mga magaganap sa madaling panahon – hindi para ibuhos natin ang ating lakas sa pag-alam kung "kailan, saan, at paano." Ang pagkakaroon ng kaunawaan ng propesiya ay hindi ang kailangan para tayo ay maging kwalipikado para sa Kaharian o para makapunta tayo sa lugar ng kaligtasan.

"Kahit ako magkaroon ng kaloob na propesiya, at maunawaan ko ang lahat ng mga hiwaga, at lahat ng mga kaalaman; at kahit magkaroon ako ng lahat ng pananampalataya, upang mapalipat ko ang mga bundok, datapuwat wala akong pagmamahal, ay wala akong kabuluhan."

Pansinin kung paano na ang Kasulatan ay ibinabalik tayo sa kung ano dapat ang prayoridad natin! Kung hindi natin ginagawa ang *agape* mapagkawanggawa na pagmamahal para sa mga kapatid – kahit ano pa ang ibang mga prayoridad natin – wala tayong tamang maka-Diyos na prayoridad. Ang pagiging likas sa atin ng pagmamahal sa isa't-isa ay lalago ayon sa ating pagdarasal sa mga pangangailangan at mga suliranin ng mga kapatid. Ang pinakamalungkot sa lahat ay karamihan ng mga grupo ngayon, ay

kundi lantaran ay sa di-namamalayang paraan ay pinipigilan ang pakikipag-ugnayan sa mga kapatid sa ibang grupo. Ito ang panahon ng ating pagsubok. Ang mga kilalang tao sa Iglesia ng Dios ay nakikihalubilo sa isa't-isa habang hindi sinasali ang mga kapatid.

Ang ilan ay nagkukunwari na hindi nila napapansin ang hindi maka-Kristiyanong gawain na ito. Ang ibang mga kasapi ay bihirang maimbitahan sa mga pagtitipon para sa magiliw na pakikisama. Hindi ito tama. Kung walang maka-Diyos na paggalang sa loob ng mga kongregasyon, paano maituturo ang paggalang sa lahat ng mga nawalay na kapatid? Kakaunti lamang ba ang natutunan natin, kung kaya't mayroong namamalagi na sistema ng estado sa buhay sa Iglesia ng Dios ngayon?

"... Kapag naghahanda ka ng isang tanghalian o isang hapunan, ay huwag mong tawagin ang iyong mga kaibigan, ni ang iyong mga kapatid, ni ang iyong mga kamag-anak, ni ang iyong mayayamang kapitbahay; baka ikaw naman ang kanilang muling anyayahan, at magantihan ka. Datapuwat, kung maghahanda ka, ay anyayahan mo ang mga dukha, ang mga pingkaw, ang mga pilay, ang mga bulag." (Lucas 4:12_13)

Napipinsala ang Katawan ni Cristo sapagkat ang mga tao ay walang lakas ng loob na harapin ang maling gawain. Gumagamit sila ng mga walang saysay na dahilan tulad ng, "Hindi tamang manakit ng damdamin ng ibang tao." Dumating na ba tayo sa punto na ang sinoman na magtangkang iwasto ang mali ay hindi magtatagal ay magiging *persona non grata?* Huwag nating isipin na "mas ligtas" na hindi tumulong sa isang kapwa kasapi na nawala sa mabuting pagpapala ng mga itinalagang pinuno. Hindi natin layunin na malagay sa kanilang mabubuting pagpapala – kundi ng Dios. Kung sino man ang mali – siya ay kailangang paalalahanan na magbago. *"Walang tumatawag ng hustisya, ni walang nakikiusap para sa katotohanan: sila ay nagtitiwala sa walang kabuluhan, at nagsasalita ng mga kasinungalingan; sila ay nagiisip ng kalokohan, at nagdadala ng kasamaan."* (Isaias 59:4)

Mahirap ba harapin ang ganitong maling gawain sa Iglesia? Oo! Marami ang natamo ang galit ng mga prominenteng tao na iyon, na walang kababaang-loob at pangunawa, ay nagsisikap na panatilihin ang kasalukuyang kalagayan. Marahil ay iniisip nila na kahit na paano ang lahat ay magiging ayos lang – na ito ay pinapayagan dahil sa ranggo nila. O, marahil ay hindi talaga sila naniniwala na magkakaroon ng pagtutuos sa harapan ni JesuCristo? *Ngunit ikaw, bakit ka humahatol sa iyong kapatid? O bakit pinawawalang halaga mo ang iyong kapatid? Sapagkat tayong lahat ay tatayo sa harapan ng hukuman ni Cristo. Kaya nga ang bawat isa sa atin ay magbibigay ng tuos ng kanyang sarili sa Dios."* (Mga Taga Roma 14:10, 12)

Kinailangang ituwid ni Pablo si Pedro dahil sa kanyang paghihiwalay at pagtingin sa tao. Si Pedro ay nakikisali sa parehong uri ng paglalayo na sumisira sa ating Iglesia ngayon (Mga Taga Galacia 2:12). Natuto si Pedro sa mapagmahal na pagwawasto ni Pablo at kinalaunan ay isinulat niya na walang dapat iwanan.

"Mangagpatuluyan kayo ng walang sama ng loob. Ayon sa tinanggap ng bawat isa na kaloob, ay ipaglingkod sa inyo-inyo rin, bilang mga mabubuting katiwala ng masaganang biyaya ng Dios." (1 Pedro 4:9-10)

Ang pagtingin sa tao ay hindi dapat kunsintihin, sapagkat ito ang dahilan ng pagkahiwa-hiwalay. Sinabi sa atin na dapat natin sundin ang halimbawa ni Pablo at pumunta sa ating kapatid upang ipakita ang kanyang mali. Nakasalalay dito ang kanyang kaligtasan, pati ang sa atin.

"Mga minamahal, kung tayo'y minahal ng Dios ng gayon, ay nararapat na magmahalan din naman tayo. Walang sinoman ang kailan ma'y nakakita sa Dios. Kung minamahal natin ang isa't-isa, nananahan ang Dios sa atin, at ang Kanyang pagmamahal ay nagiging sakdal sa atin." (1 Juan 4:1-12)

Sa pamamagitan ng pakikitungo ng ganito sa ibang Kristiyano, nagiging sakdal ang pagmamahal ng Dios sa atin. Kapag naging sakdal ang pagmamahal ng Dios sa atin, tayo ay nagkakaroon ng malalim na pagmamalasakit sa espiritwal na kapakanan ng ating mga kapatid kay Cristo. Ang pagmamahal ay hindi isang mababaw na ugnayan katulad ng sa pag-eensayo sa koro, mga salo-salo, at pagpunta sa kampo tuwing tag-araw, kundi isang marunong na pakikilahok na tumutulong makabalik ang isang kapwa manggagawa sa tamang landas kapag siya ay naliligaw.

"Mga kapatid, kung ang sinoman sa inyo ay nalilihis sa katotohanan, at siya'y papagbaliking loob ng sinoman; Alamin nito na ang nagpapabalik-loob ng isang makasalanan mula sa kamalian ng lakad niya ay magliligtas ng isang kaluluwa sa kamatayan." (Santiago 5: 19-20)

"At ang iba'y inyong iligtas ng may takot, na agawin ninyo sa apoy; na inyong kapootan pati ang damit na nadungisan ng laman." (Judas : 23)

Ang ating komunidad ng pakikisama ay dapat maging katulad ng konsepto ni Cristo ng Kaharian ng Dios. Hangga't hindi ito nangyayari, hindi tayo maaaring makuntento. Obligado tayo na makilahok sa pagpapatupad ng pagkakaisa at kaisahan sa mga anak ng Dios. Dinidiskwalipika natin ang ating mga sarili kung uupo lang tayo sa tabi at ipinagpapalagay na mayroong iba na gagawa niyon para sa atin. Paano natin mahahanap ang *kaisahan* – pag-alaga at pagmamahal sa isa't-isa – sa kapatiran ng mga matapat? Ilan sa atin ang may katulad na mga pangarap at hangarin ng pagmamahal, pagkakaisa, at kabaitan sa isa't-isa?

Nakita natin ang uri ng pagkakaisa at kaisahan na ipinahiwatig ni JesuCristo na dapat mayroon tayo para sa lahat ng mga kasapi. Kung walang di-nakikitang kamay na galing kung saan – o isang dakila at may karisma na pinuno na siyang magdadala ng iba't-ibang mga pinuno ng Iglesia upang magsama-sama sa isang kolektibong samahan – nakasalalay sa bawat indibidwal na kasapi na tuparin ang papel ng Iglesia ng huling panahon na magkaroon ng pagkakaisa. Ang ebidensiya sa Biblia ay kalooban ng Dios na ang mga indibidwal na kasapi ng Katawan ni Cristo na sama-samang magsikap upang lumikha ng pagkakaisa na kayang lagpasan ang lahat ng mga balakid.

Ang ating kaligtasan ay nakasalalay – hindi sa pagiging kasapi sa tamang grupo – kundi sa kung paano tayo makipag-ugnayan sa isa't-isa. May lilinaw pa ba sa ibinigay na kahulugan ni Jesus ng Kristiyanong pagmamahal? *"Yamang inyong ginawa sa isa dito sa aking mga kapatid, kahit sa pinakamaliit na ito, ay sa akin ninyo ginawa."* (Mateo 25:40, 45)

Kailangan natin irespeto ang ating mga kapatid sa kung sino man sila, kahit na tila natutumba pa sila ng kaunti sa ngayon. Kapag ang sinoman sa mga anak ng Dios ay ayaw makipagsamahan o makipagusap sa ibang Kristiyano, ito ay pagkakahati-hati – at hindi ito tama. Ang pagkakahati-hati sa Iglesia ay isang realidad ngayon katulad nang unang siglo. Magkusa tayo sa pagpapakita ng pagiging palakaibigan.

"Isaalang-alang natin ang isa't-isa upang iudyok sa pagmamahal at sa mabubuting gawa: Na huwag natin pabayaan ang ating pagtitipon-tipon, na gaya ng gawain ng iba; kundi hikayatin ang isa't-isa, at lalo na kung inyong nakikita na nalalapit na ang araw." (Mga Hebreo 10:24-25)

Madaling sabihan na itong "pagtitipon-tipon ng ating mga sarili" ay tumutukoy lamang sa mga indibidwal na nakikipagpulong sa isang grupo ng iglesia tuwing Sabbath. Ngunit iyon ay isang makasarili at limitadong interpretasyon. Sinasabi ni Pablo na ang mga grupo ng mga Kristiyano ay hindi dapat inihihiwalay sa ibang Kristiyano. Kapag ang isang indipendenteng grupo, maliit o malaki, ay iniisip na sila ay sapat na para sa kanilang sarili – ang grupo na iyon ay tumatangkilik ng pagkakahati-hati na katulad ng maling pananampalataya. Walang pinagkaiba ngayon sa panahon ni Pablo: ang mga grupo ng mga kapatid ay umiiwas makipagtipon na isang paglabag sa utos ng Dios. Kailangan natin makipag-ugnayan sa iba – ipanumbalik ang mga dating pagkakaibigan. *"Sila na nangatakot sa Panginoon ay madalas na nakikipagusap sa isa't-isa."* (Malakias 3:16)

Mayroon Lamang Iisang Iglesia

Ang Dios ay mayroon lamang iisang Iglesia – na binubuo ng lahat ng mga tinawag na mga santo. *"Sapagkat kung paano ang katawan ay iisa, ay mayroong maraming mga kasapi, at lahat ng mga kasapi ng isang Katawan na iyon, bagama't marami, ay iisang Katawan: gayon din naman si Cristo."* (1 Mga Taga Corinto 12:12) Kailangan natin makisangkot sa mga kapatid na nasa ibang grupo hangga't maaari at magpakita ng Kristiyanong pagmamahal sa *lahat* ng mga anak ng Dios. Mahalagang hanapin natin ang iba pang katulad natin sa pagiisip na nais bigkisin ang mga sugat ng nakaraan at tunay na manahan sa atin ang pagmamahal ni Cristo. Si Jesus ay mayroon isang Iglesia – at tanging iisa lamang!

"Dahil dito ay iniluluhod ko ang aking mga tuhod sa Ama ng ating Panginoon JesuCristo, na sa Kanya'y pinangalanan ang buong pamilya sa langit at lupa, Upang sa inyo'y ipagkaloob Niya, ayon sa mga kayamanan ng Kaniyang kaluwalhatian, na kayo'y palakasin ng kapangyarihan sa pamamagitan ng Kanyang Espiritu sa panloob na pagkatao; Na si Cristo ay manahan sa inyong mga puso sa pamamagitan ng pananampalataya; upang kung kayo'y mag-ugat at magtumibay sa pagmamahal, at maintindihan ***kasama ng lahat ng mga santo kung*** *ano ang luwang, at haba, at lalim, at taas; At makilala ang pagmamahal ni Cristo, na di masayod ng kaalaman, upang kayo ay mapuno ng buong kapuspusan ng Dios."* (Mga Taga Efeso 3:14-19)

Ang katapatan sa mga organisasyon na pumapalit sa katapatan sa Katawan ni Cristo ay maling direksiyon. Ang mga organisasyon ay dapat magtakda ng pinakamataas na pamantayan ng pagiging bukas. Ang katapatan sa Dios at sa Kanyang Katotohanan ay dapat maging sentrong tema para sa lahat ng mga kasapi ng Iglesia ng Dios ngayon. Sinabi ni Jesus, *"Itatayo ko ang Aking Iglesia, at ang mga pintuan ng impiyerno ay hindi mananaig laban dito,"* kaya alam natin na ang Iglesia ay makakaraos. Kailangan natin maging bahagi ng solusyon.

Ang salita ng Dios at kasaysayan ng iglesia ay nagpapatunay sa katotohanan na ang Iglesia ng Dios ay hindi mamamatay. Sa atin ngayon nakaatang, mga kapatid, ang pagkuha ng manta ng tunay na Kristiyanismo. Hindi nagawa ito ng maraming kilalang mga pinuno. Umiiral ngayon sa mga grupo ang kasiyahan sa sarili. Ito ang nagbibigay pagkakataon sa atin – responsibilidad – na itaguyod ang pakikisama sa mga anak ng Dios. Huwag kayong magkamali! Mabigat ang kaaway na hinaharap natin. Ginawa na ni Satanas ang kanyang maruming trabaho. Maaring sabihin ng mga tao kapag nilapitan natin sila, "Gusto mo sigurong sumama ako sa inyong simbahan." "Hindi ka kasama sa aming organisasyon." Malamang mayroon kang nagawang mali." Ang bawat bersikulo sa Biblia na ating babanggitin ay susuriin ng husto para sa bawat kaunting pagkakaiba habang tinatangka natin muling itayo ang tulay ng pagtitiwala.

Paano natin sisimulan ang bukas na pakikisama sa mapagmahal at makahulugang paraan? Ito dapat ang ating nais sapagkat ito rin ang nais ni Cristo. Isa sa isa ay ang tanging paraan upang tunay na magkaisa. Ang Kristiyanong pagmamahal ay kailangan ng araw-araw na gawain sa buhay ng ibang mga tao. Ang pagsusumikap na ito ay mahusay na makakamit kung gagawing tao sa tao. Una, ang pagkakaisa at kaisahan ng mga anak ng Dios ay kailangang linangin. Ang mga namumuhay ng tamang Kristiyanismo ay ang mga "binhi sa mabuting lupa" sa talinghaga ng manghahasik. Sinabi ni Jesus na sila ay magbubunga ng prutas na Kanyang nais.

"Ngunit ang [binhi] sa mabuting lupa ay sila, na may pusong tapat at mabuti, na pagkarinig ng salita, ay iningatan ito, at namumunga na may pagtitiis." (Lucas 8:15)

Ano ang inaasahan ni JesuCristo na ginagawa sa ngayon ng mga hinirang? Ipinangako ng Dios na hindi Niya hahayaan ang Kanyang napiling hinirang na malinlang. Sinabi Niya sa propesiya na ang ating mga anak na lalaki at babae ay isasalita ang Katotohanan – sa oras na ito – sa panahong ito ng katapusan. Ang ibig sabihin nito ay mayroong mga tao ng Dios, na namumuhay sa kanilang Kristiyanismo sa Kanyang pagbabalik.

"At mangyayari sa mga huling araw, sabi ng Dios, Ibubuhos ko ang Aking Espiritu sa lahat ng laman: at ang inyong mga anak na lalaki at babae ay magpopropesiya, at ang inyong mga batang lalaki ay makakakita ng mga pangitain, at ang inyong mga matatanda ay magsisipanaginip ng mga panaginip." (Mga Gawa 2:17)

Kahit na tayo, sa ating pisikal na pakikisama, ay pinaghihiwalay ng maraming milya, ang mga tunay na kapatid ay maaaring maging *isa* sa Espiritu. Ang pagmamahal ng Dios sa ating mga puso ay kailangan maging bahagi ng pagpapanumbalik ng pangkalahatang kapatiran ng mga mananampalataya. Hindi natin maaaring mahalin ang mga kapatid kung hindi natin mahal ang Dios. Ang susi sa *kaisahan* ay nakasalalay sa ating pagsuko sa Dios Ama at kay JesuCristo. Kapag tayo ay nakasuko sa Kanila – hindi naghahangad na pasiyahin ang mga tao o ang organisasyon – masisimulan nating hanapin ang *kaisahan* sa isa't-isa.

"Datapwat ang sinomang may mga pag-aari sa sanlibutang ito, at nakikita ang kanyng kapatid na nangangailangan, at ipagkait ang kanyang awa sa kanya, paanong nananahan ang pagmamahal ng Dios sa kanya?" (1 Juan 3:17)

Maaari pa nating maunawaan na ang mga iglesia sa mundong ito ay hindi magawang magsama-sama sa pagkakaisa, ngunit walang sukat madahilan na ang mga tunay na Anak ng Dios ay hindi gaanong nagtatangka gumawa ng hakbang upang *magkaisa* sa paraang nilayon ni Cristo. Kapag nangusap ang Biblia tungkol sa *pagmamahal*, hindi ito tumutukoy sa damdamin o emosyon. Ang Kristiyanong pagmamahal ay isang praktikal na paglahok, pag-aalaga, at konsiderasyon para sa iba na ayon sa lahat ng mga maka-Dios na pamantayan. Ang pagmamahal na ito ay ang ating daan patungo sa Dios – walang maikling daan. Kailangan tayo ay aktibong kasangkot sa pagpapalawak ng maka-Dios na pagmamahal sa lahat ng mga santo. *"Ang hindi nagmamahal ay hindi nakakikilala sa Dios; sapagkat ang Dios ay pagmamahal."* (1 Juan 4:8)

Inulit ni Juan ang pag-uutos ni Jesus na ang mga Kristiyano ay ialay ang kanilang mga buhay para sa isa't-isa. Hindi sapat ang anomang kulang dito. Inialay ni Jesus ang Kanyang buhay – namatay – upang tayo ay mabuhay. Ganito Niya tayo kamahal! *"Ito ang Aking utos, na kayo'y magmahalan sa isa't-isa, na gaya ng pagmamahal Ko sa inyo."*

Basahin natin ang Kasulatang ito na ganito:

"Ito ang Aking utos, na kayo'y magmahalan, sa katulad na paraan na minahal Ko kayo." (Juan 15:12)

Mga kapatid, handa ba tayong gawin ito upang maitatag ang *pagkakaisa at kaisahan* sa ating mga kapatid kay Cristo? Kapag tayo ay pinapatnubayan ng Banal na Espiritu, iaalay natin ang ating mga buhay katulad ng ginawa ni Cristo. Tayo ay maninindigan laban sa lahat ng kalupitan – at hindi ipipikit ang ating mga mata. Tuwing inaabuso ang ating mga kapatid, tayo ay tutulong at susuportahan sila laban sa kanilang masamang mang-uusig. Kung ito man ay humantong sa pagkawala ng ating mga trabaho, ipon, seguridad, paalisin sa mga organisasyon, o kahit pa ang ating mga buhay, iaalay natin ang ating mga buhay para sa isa sa ating mga kapatid – katulad ng halimbawang binigay ni Jesus. Ito ang Kristiyanismong isinasabuhay – hindi lamang mga sentimiento, bukambibig, o usapang relihiyoso. Tuwing ang sinoman sa ating mga kapatid ang nangangailangan, handa tayong ilagay ang lahat sa panganib para kanino man sa kanila.

"Sapagkat nang tayo ay wala pang lakas, sa takdang panahon si Cristo ay namatay para sa mga masasama. Sapagkat bihira ang isang tao ay mamatay para sa isang matuwid: ngunit marahil para sa isang mabuting tao ay may mangangahas mamatay." (Mga Taga Roma 5:6-7)

Mayroon pa bang mas mahusay na pagsubok sa ating pagka-Kristiyano? Oo, ang pagkakawatak-watak ng Iglesia ng Dios ay isang mabigat na suliranin – at isang magandang pagkakataon para ipakita sa Dios kung nasaan ang puso natin. Ang katotohanan na nakasaad sa propesiya na ang Iglesia ay dadaan sa mga pagsubok at pagkakawatak-watak ay hindi dahilan para tanggapin o yakapin ang pagkawasak sa Iglesia ng Dios. Sinabi noon ni Ezekiel na si JesuCristo ay tiyak na titipunin ang nagkawatak na kawan sa Kanyang pagbalik. Ito ay pahiwatig na hindi tayo magiging lubos na matagumpay sa pagtipon ng nakakalat na mga kapatid sa isang samahan. Ang pahiwatig na iyon ay hindi nagbibigay alinlangan sa utos na mahalin ang isa't-isa o ang nais ni JesuCristo na *"sila ay maging isa."* Binigyan diin ni Jesus ang sinabi Niya na ipagtutuos Niya ang Kanyang kawan sa kanilang kamay – ng mga may pananagutan sa pagpapaalis sa kanila. "*Pananagutin ng Dios ang mga pastol sa pagkawala ng mga kawan,"* (Ezekiel 34:10, The Soncino Chumash, page 230).

Mayroon pagsasakdal dito ng mga hindi humanap sa mga kapatid na nawalay. Tinutuligsa ni JesuCristo ang mga hindi nagsasagawa ng tunay na Kristiyanismo.

"Ang may mga karamdaman hindi niyo pinalakas, ni hindi niyo pinagaling ang may sakit, ni hindi niyo tinalian ang may bali, ni hindi niyo ibinalik ang mga pinaalis, ni hindi niyo hinanap ang nawala; kundi may karahasan at kalupitan ninyong pinagpunuan sila." (Ezekiel 34:4)

Hindi pinahihintulutan ang dibisyon dito – *"walang pagkakahati-hati sa katawan."* Para sa ilan mayroong tukso na umiwas – na maging independenteng Kristiyano – at sabihing, "Napuno na ako sa mga tao!" o "Napuno na ako sa mga ministro!" Ang ibang mga kasapi ay "napuno" na sa mga organisasyon – na ating nauunawaan. Marami sa mga anak ng Dios ang mali ang natutunan at tumitingin sa mga organisasyon sa halip na sa Dios. Ang mga organisasyon ay maaaring pagpunuan ng mga tao sa kamalian. Ang mali ng "independenteng Kristiyano" ay kapag tumigil na sila sa pagtitiwala sa mga organisasyon, nakalimutan na rin nila ang mga nagkawatak-watak na mga kapatid. Ito ay panlalansi ni Satanas, at naging napakabisa nito.

"Kung sinasabi ng sinoman, Ako'y nagmamahal sa Dios, at napopoot sa kanyang kapatid, siya ay sinungaling: sapagkat ang hindi magmahal sa kanyang kapatid na kaniyang nakita, paano niya mamahalin ang Dios na hindi niya nakita?" (1 Juan 4:20)

Idinidikta ng salita ng Dios na gawin natin palagi kung ano ang tama ayon sa Kasulatan at kung ano ang pinakamahusay para sa ating mga kapatid. Ano ang gagawin natin kung taos ang ating puso ngunit iba-iba ang konklusyon natin sa kahulugan at layon ng salita ng Dios? Isaisip natin na, habang tayo ay nagsisikap na maunawaan ng lubos ang kalooban ng Dios, ang lahat ay magkakaroon ng bahagyang kaibahan sa pangunawa dahil sa kanyang nakaraan at mga naranasan. Ang sagot dito ay hindi dapat alisin sa samahan ang mga walang sala na kapatid, na kadalasang ginagawa – lalo na kung ang kasapi ay sinisikap panatilihin ang katotohanan, at ang nagpapaalis sa kanya ay sumusuporta sa administrasyon na nagtataguyod ng huwad na doktrina.

"Mapapalad kayo kung kayo'y kapootan ng mga tao, at kung kayo'y ihiwalay nila sa kanilang samahan, at kayo'y alipustahin, at itakwil ang inyong pangalan na tila masasama, alang-alang sa Anak ng Tao." (Lucas 6:22)

Ang mga organisasyon na naniniwala na dapat silang sundin sapagkat mayroon silang "awtoridad" ay hindi nakikita ang sinasabi sa Juan 17:17: *"Ang Iyong salita ay Katotohanan."* Ang Iglesia ng Dios ay dapat isang pinag-isang, organisadong katawan na ang ulo ay si JesuCristo – ngunit hindi ganoon ang nangyayari (Mga Taga Efeso 5:23). Sa halip, si JesuCristo ang ulo – na mayroong maraming katawan! Kapag naunawaan natin kung gaano kamali ang konseptong iyon, mapagtatanto natin na ang "independenteng" Kristiyano ay salungat na salita. Ang isang Kristiyano ay dapat lumakad sa liwanag at katotohanan at hanapin ang pagkakaisa at kaisahan sa mga kapatid. Mayroong pagmamataas at pagyayabang sa ibang mga grupo na ipinagmamalaki nilang ipinapahayag ang kanilang pagsasarili. Kung minsan ito ay bunga ng mabigat na pamamalakad at mga pag-aabuso ng nakaraan, ngunit hindi pa rin tama na magsarili, sapagkat kailangan natin ang isa't-isa. Ang mga tunay na Kristiyano ay naghahanap ng pakikisama sa lahat ng kanilang mga kapatid. *"Kapag tayo ay lumalakad sa liwanag, na gaya Niyang nasa liwanag, ay may pakikisama tayo sa isa't-isa."* (1 Juan 1:7)

Walang kahit na anumang bagay ang magbibigay katwiran sa pagiging "independente." Hinihingi ng pagiging Kristiyano ang pakikipag-ugnayan sa lahat ng mga Kristiyano. Ito ang disenyo ng Dios sa simula pa lang ng paglikha. *"Sapagkat ito ang mensaheng inyong narinig buhat ng pasimula, na dapat natin mahalin ang isa't-isa."* (1 Juan 3:11)

Madali para sa atin ang magpahayag ng ating pagmamahal sa Dios sa langit, ngunit hindi natin ito maipapakita ng tama hangga't hindi natin tunay na minamahal ang isa't-isa. *"Sapagkat ang Dios ay hindi masama upang limutin ang inyong gawa at mga pagsusumikap sa pagmamahal na inyong ipinakita sa Kanyang pangalan, sa inyong paglilingkod sa mga santo, at hanggang ngayon ay nagsisipaglingkod kayo."* (Mga Hebreo 6:10)

Kung wala tayong mapagmahal na malasakit para sa ibang Kristiyano, hindi tayo pinapatnubayan ng Banal na Espiritu. Sabi ng iba noon na ang lahat ng usapan na ito tungkol sa "pagmamahal" ay parang tulad ng "Protestantismo." Ang Kristiyanong pagmamahal, na sinamahan ng mga utos ng Dios, ay nagbubunga sa kabanalan sa atin. Hindi natin maaaring makilala at mahalin ang Ama, hangga't hindi tayo aktibong naglilingkod sa mga kapatid.

"Mga minamahal, mahalin natin ang isa't-isa: sapagkat ang pagmamahal ay sa Dios; at ang bawat nagmamahal ay ipinanganak ng Dios, at nakakakilala sa Dios." (1 Juan 4:7)

Mga kapatid, nauunawaan ba natin ang mga tagubilin na ito? Nakikita ba natin kung gaano kalubha ang ating pagkukulang sa bagay na ito? Ang nangyaring apostasiya ay dapat sana naging dahilan para tayo ay magtulong-tulong, ngunit tayo ay nagkawatak-watak sapagkat lubos na nagkulang ang karamihan sa dimensiyon na ito na pagmamahal sa isa't-isa. Si Juan ay nakita rin ang kakulangan sa Kristiyanong pagmamahal sa loob ng Iglesia. Siya ay sumulat pagkatapos masabi at magawa ang lahat sa unang siglo ng Iglesia ng Dios. Nakita ni Juan lahat ng Gnostisismo, mga huwad na tagapagturo, erehiya, paghihiwalay, pagkakahati-hati, at mapagkunwaring pagsamba. Binigyan diin ni Juan ang espiritwal na pangangailangan para sa tunay, mapagmahal na malasakit para sa mga kapatid na babae at lalaki, sapagkat ito ang kulang sa Iglesia noon – at ito pa rin ang kulang ngayon!

Ibinigay ng ating Ama ang modelo ng pagmamahal sa pamamagitan ng hindi pagkait sa atin ng lahat ng mahalaga para sa ating buhay. Ito ang huwaran na dapat nating itaguyod sa pagpapahayag ng pagmamahal para sa lahat. Sa huling banda ng kanyang buhay naunawaan ni Juan ng mabuti ang pamantayang ito.

"Dito nahayag ang pagmamahal ng Dios sa atin, sapagkat sinugo ng Dios ang Kanyang bugtong na Anak sa sanlibutan, upang tayo'y mabuhay sa pamamagitan Niya. Narito ang pagmamahal, hindi sa tayo'y nagmahal sa Dios, kundi Siya ang nagmahal sa atin, at sinugo ang Kanyang Anak nang mapawi ang ating mga kasalanan." (1 Juan 4:9-10)

Isang Kamangha-manghang Gawa

Hindi magtatagal, ang Dios ay magtatalaga ng dalawang dakilang mga saksi na magpapahayag ng Kanyang Katotohanan sa sanlibutan sa panahon ng Kapighatian at ng Araw ng Panginoon. Gayunpaman, may mga indikasyon sa Kasulatan na mayroon pang isang uri ng saksi na magaganap bago dumating ang Kapighatian. Tunay na may gagawin ang Dios na isang kamangha-manghang gawa.

"At mangyayari pagkatapos, na ibubuhos Ko ang Aking Espiritu sa lahat ng laman; at ang inyong mga anak na lalaki at babae ay magsisipropesiya, ang inyong mga matanda ay magsisipanaginip ng mga panaginip, ang inyong mga binata ay mangagkikita ng mga pangitain: At sa mga lingkod na lalaki at babae sa mga araw na iyon ay ibubuhos Ko ang Aking Espiritu." (Joel 2:28-29)

Kinilala ni Pedro ang bahagyang pagkatupad ng propesiyang ito sa unang Pentekost ng Bagong Tipan (Mga Gawa 2:17). At kapag ito ay nangyari sa mas malawak na paraan sa katapusan ng panahon ng Iglesia, muling ilalagay ng Dios ang ilan sa Kanyang mga tao sa pokus ng publiko. Hindi ibig sabihin na ang lahat ay magiging madali at masaya. Binalaan ang Iglesia na umasang darating ang pag-uusig sa mga huling araw, ngunit hindi pa ito nagaganap sa malawak na paraan. Oo, tayong lahat ay dumanas na ng kahirapan at sakit sa ating mga trabaho at personal na buhay, pero wala sa atin ang humarap na sa labis na pagpapahirap o kamatayan nang dahil sa ating mga paniniwala.

Kayo'y palalayasin nila sa mga sinagoga: oo, darating ang oras, na ang sinomang pumatay sa inyo ay aakalaing naghahandog siya ng paglilingkod sa Dios. (Juan 16:2)

May mga bagay na magaganap na magsasanhi sa pagkapoot ng sanlibutan sa mga tunay na anak ng Dios. Ano ang maaaring magdulot nito? Hindi pa binigay ng Dios ang mga detalye, ngunit binigyan Niya tayo ng ilang pahiwatig. *"Ang mga tao na nakakakilala ng kanilang Dios ay magiging malakas, at gagawa ng mga kabayanihan."* (Daniel 11:32)

Maaaring ang mga nagsasama-sama sa pagkakaisa, sa mapagkumbaba at matuwid na paraan ay gagamitin ng Dios sa ilang tunay na kamangha-manghang paraan. *"Tingnan ninyo, kayong mga mapanghamak, at magtaka kayo, at kayo'y maparam: Sapagkat Ako'y* ***gumagawa ng isang gawa*** *sa inyong mga panahon, isang gawa sa anomang paraan ay hindi ninyo paniniwalaan, kahit ito ay isaysay sa inyo ng sinoman."* (Mga Gawa 13;41)

"At sila'y magiging Akin, sabi ng Panginoon ng mga hukbo, sa araw na iyon kapag ginawa ko ang Aking mga hiyas; at ililigtas ko sila, na gaya ng isang tao na nagliligtas sa kanyang sariling anak na naglilingkod sa kanya. (Malakias 3:17)

Ang may mga Filadelfiang kalooban na pagmamahal sa kapatid, na masugid na nagtataguyod ng *pagkakaisa at kaisahan* sa lahat ng mga kapatid, ay ililigtas sa Kapighatian ni JesuCristo. *"Ikaw ay aking iingatan sa panahon ng [Kapighatian], na darating sa buong sanlibutan, upang [mapighati] ang mga nananahan sa ibabaw ng lupa."* (Apocalipsis 3:10)

Ang mga Filadelfiang kapatid sa panahon ng pagtatapos ay magtatampok ng pagmamahal para sa mga mahina at gayun din sa malalakas na kapatid sa Iglesia ng Dios. Hindi lang nila itataguyod ang doktrinal na Katotohanan, walang pag-iimbot rin silang magbibigay ng masigasig na pagmamahal – kahit na sa mga tumututol sa kanilang sarili. Ang panahon ng pagmamahal sa kapatid ay mabilis na nawawala, at ang panahon na walang pagmamahal ay ang nagiging komportableng pamantayan. Ang huling panahon ng Iglesia, Laodicea, ay nakatakdang dumanas ng Kapighatian na darating sa buong sanlibutan – upang gisingin sila!

Maaari nating piliin na taimtim na maglingkod sa isa't-isa na may pagmamahal sa kapatid- at hindi pagdaanan ang Kapighatian – o maaari nating isaisang tabi ang pagkamasigasig at magsawalang-bahala. Ang pagpili ay nasa atin. Sa oras ng Kapighatian, ang Dios ay magkakaloob pa ng isang huling pagkakataon sa mga kapatid sa Iglesia na hindi pa natutunan ang pag-aalay ng kanilang buhay, dito ay magagawa na nila. Ang mga nasa Kapighatian ay pisikal na iaalay ang kanilang buhay sa kamatayan dahil sa kapabayaan nila na maging espiritwal na sakripisyo bago sa oras na iyon. (Mga Taga Roma 12:1, Apocalipsis 12:11)

Tingnan niyo kung paano inilarawan ni Jesus ang espiritwal na kalagayan ng huling panahon ng Iglesia. *"Ikaw ay maligamgam.... aba at maralita, at dukha, at bulag, at hubad....Ikaw ay maging masigasig at magsisi."* (Apocalipsis 3:16-19)

Sa pagbalik ni Jesus, mayroong mga tao na sa pamamagitan ng kanilang pagmamahal sa isa't-isa – isang tunay na Kristiyanong pagmamahal – ay makikilala sila mula sa mga nagaakala na ang kanilang buhay panlipunan ay makaDios na paglilingkod. Paanuman, sa dakilang kalooban ng Dios, ay ililigtas Niya ang maliit na kawan mula sa kahila-hilakbot na mga pangyayari sa Kapighatian. Mula sa kanilang protektadong lugar, ang maliit na katawan na ito ay magiging ilaw at halimbawa sa kanilang mga kapatid na Kristiyano na naiwan. *"Mapalad ang tagapaglingkod na iyon, na kapag dumating ang kanyang Panginoon ay maratnan siya ay gumagawa."* (Lucas 12:43)

Ang mga kasapi ng Iglesia na mahuhuli sa galit ay magkakaroon ng isa pang huling pagkakataon na maranasan ang pagmamahal ng Dios. Magiging lubos na maliwanag sa kanila na hindi nila nakamit ang pamantayan para sa kaligtasan. Sa wakas ay mapagtatanto nila na ibig ng Dios na ipakita nila ang paniwala sa Kanya sa pamamagitan ng *"paggawa."* Ang mga kapatid na nasa ligtas na lugar ay magiging saksi na ang Dios ay may isang tiyak na antas ng pagganap na dapat matugunan sa lalong madaling panahon. Ang mga natitira, sa wakas, ay matututo na ang tunay na Kristiyanismo ay hindi parang isang byahe ng tren na makikiangkas ka lang na walang gaanong ginagawa, ay makakarating ka na.

Kung ipagpapaliban mo hanggang sa dumating ang oras ng Kapighatian para matutunan ang pagmamahal sa isa't-isa, ito ay magdadala ng pisikal na sentensiya ng kamatayan. Sa oras na iyon, ang pisikal na kamatayan ay ang tanging paraan upang manaig kay Satanas at matamo ang buhay na walang hanggan. Ang hindi matuto sa pagmamahal sa isa't-isa ay mawawalan ng kaligtasan. Sa mga kapatid na mapupunta sa Kapighatian ay huli na para tumakas sa kamatayan, sapagkat hindi nila nagawang ialay ang kanilang buhay para sa mga kapatid sa paraang nilayon ng Dios. Hindi nila natutunan mahalin ng tunay ang lahat ng kapatid ni Cristo. Hindi nila nagawa pa ang pangatlong bagay na kailangan upang manaig kay Satanas. *"At siya'y [Satanas] kanilang dinaig sa pamamagitan ng dugo ng Cordero, at sa pamamagitan ng salita ng kanilang patotoo; at hindi nila inibig ang kanilang buhay hanggang sa kamatayan."* (Apocalipsis 12:11)

Kung hindi natin natutunan kung ano ang ibig sabihin ng *ialay ang ating mga buhay* para sa lahat ng mga kapatid, tayo ay dadaan sa Kapighatian. Iniisip ng iba na tayo ay mas may pribilehiyo kumpara sa ibang panahon ng Iglesia – at tayo ay madali lang makakarating sa Kaharian ng Dios na hindi natututunan na ilagay ang kalooban ng Dios sa ating mga buhay. Basahin ninyo ang tungkol sa kapighatian at kamatayan na dinanas ng mga matuwid na kapatid ng Smyrna sa Apocalipsis 2. Tayo rin ay hindi maliligtas kung hindi natin ginawa ang kinakailangan sa atin – pag-aalay ng ating mga buhay. Hindi tulad ni Cain, na walang pagsasaalang-alang para sa kanyang kapatid, tayo ay tagabantay ng ating mga kapatid. Kailangan natin tumayo para sa bawat kapwa natin santo, kahit na ano pa ang kapalit – kahit pa ang ating mga buhay.

"Dito'y nakikilala natin ang pagmamahal ng Dios, sapagkat Kanyang inialay ang buhay Niya para sa atin: at nararapat na ating iaalay ang ating mga buhay para sa mga kapatid." (1 Juan 3:16)

Ang Iglesia ng Dios ay nabasag sa maraming mga hiwalay na bahagi. Si JesuCristo ay nanalangin nang gabing bago Siya mamatay *"na sila ay maging isa"* – nagkakaisa. Mahalagang isaalang-alang ang *lahat* ng mga tao na may Banal na Espiritu bilang mga kapatid at mahalin at pahalagahan sila, saan mang grupo sila nakaugnay. Ang tunay na Iglesia ng Dios ay hindi nalilimita ng mga hangganan ng mga organisasyon kundi ay isinasama ang lahat ng mga kapatid na kabahagi natin sa iisang pananampalataya.

Ang mga nagtataguyod ng konsepto na hiwalay na organisasyon ay hindi batid ang Kasulatan at hindi napagtatanto ang pinsalang dala nito sa mga anak ng Dios. Dapat isaisang tabi ng mga pinuno ang pagmamalaki, pagkilala, seguridad, at titulo para sa pagkakaisa at kaisahan ng kawan. *"[Jesus] ginawa ang Kanyang sarili na walang reputasyon, at nag-anyong tagapaglingkod."* (Mga Taga Filipos 2:7)

Tayong mga Kristiyano ay binigyang lakas ng Banal na Espiritu ng Dios upang mapagtagumpayan ang ating likas na makasariling pagkatao. Hinihingi ng ating pagiging Kristiyano na sundin natin ang halimbawa ni Cristo at isaisang tabi ang ating sariling mga interes- ginugusto ang kabutihan ng lahat – na Kristiyanong pagmamahal. Kaya natin gawin ito kahit na sa iba't-ibang paraan sapagkat tayong lahat ay kakaiba. Kailangan natin maging matiyaga, sensitibo sa lahat ng ating mga kapatid sa kanilang iba't-ibang antas ng pagpaparaya at kung hanggang saan ang kaya nilang tiisin. Ang ilan sa ating mga kapatid ay lubusang nawasak at nawalan ng pagasa ng dahil sa apostasiya, habang ang iba naman ay ni hindi nayanig. Ang mga nagkakaiba nating pinagmulan at mga naranasan sa nakaraan ay dahilan upang suriin natin ang mga sitwasyon sa iba't-ibang paraan.

Oo, tayo ay mga "saksi" sa sanlibutan – *"Upang malaman ng sanlibutan."* (Juan 17:23) Mayroon pa bang mas mahusay na paraan para maging saksi kaysa sa pagsasabuhay sa isa't-isa ng ating pananampalataya? Ang pangangaral at paglalathala ng ebanghelyo ay mababawasan ng kahulugan kung ang mensahe ng ating uri ng pamumuhay ay hindi nakikita sa ating mga relasyon sa mga tao. Isang paraan ng pagpapahayag ng ebanghelyo ay ang pamumuhay ayon sa mga panuntunan ng Kaharian ng Dios sa ngayon.

Napakarami pang trabahong dapat gawin. Inilagay ng Dios ang bawat isa sa atin sa Katawan ni Cristo kung saan Niya gusto. Abutin natin lahat ng pagkakataon na ibinibigay ng Dios sa atin upang ipakita ang ating liwanag. Kailangan natin patuloy na gawin ang mga dapat nating gawin kung bakit tayo tinawag.

Nang tayo ay nabautismuhan, hindi tayo inugnay o itinali sa anomang administrasyon, organisasyon, o grupo. Dapat tayong makipagkita sa lahat ng mga santo ng Dios na masaya sa pakikisama sa atin; kung hindi man ay mabuting huwag na lang magsalita. Sinisikap nating paglingkuran ang buong Katawan ni Cristo. Sa Katawan ni Cristo ituring ang sarili mo na kaanib – hindi sa isang partikular na grupo una sa lahat. Tayo ay binigyan ng pagpapala ng pagkakaroon ng pagkakataon na maabot ang lahat ng may nais sa pagkakaisa at kaisahan.

"Sapagkat kayo mga kapatid *ay tinawag sa kalayaan; huwag lamang gamitin ang kalayaan upang magbigay pagkakataon sa laman, kundi sa pamamagitan ng pagmamahal ay mangaglingkuran kayo sa isa't-isa."* (Mga Taga Galacia 5:13)

Asawa ni Cristo

Ang Iglesia ng Dios ay pakakasalan si JesuCristo sa Kanyang pagbalik. Ang iglesia na ikakasal sa Kanya ay hindi magiging katulad ng nagkawatak-watak na iglesia ngayon. Sila ay ang mga tao na ang mga puso at buhay ay pinagsama-sama sa pagkakaisa at kaisahan at makikibahagi sa malaking kapistahan ng kasal. Ang problema sa sitwasyon na ito ay ang karamihan ng mga kapatid na nagiisip na "alam" nila na sila ang magiging "Nobyang Pakakasalan ni Cristo," ay walang pakialam sa isa't-isa.

"Dumating na ang pagkakasal ng Cordero, at ang Kanyang asawa ay nahahanda na." (Apocalipsis 19:7)

Si Jesus ay hindi babalik sa mga taong nahiwalay na walang pakialam sa isa't-isa. Ang Asawa ni Cristo ay hindi iisang organisasyon mula sa iba't-ibang grupo. Hindi rin ito isang maluwag na samahan ng mga nakakalat na mga kapatid sa Iglesia. Ang Espiritu na ibinahagi sa mga bumubuo ng Asawa ni Cristo ay ang pinakamatibay na pagbubuklod. Ang Nobyang Pakakasalan ni Cristo ay mayroong Banal na Espiritu ng Dios. Ang nakahandang Iglesia lamang ang tinatawag na Asawa. Iisa lang ang magiging Asawa ni Cristo.

Saan tayo pupunta mula dito? Ano ang dapat gawin ng Nobyang Pakakasalan para maging handa sa kasal ng Cordero? Siya ay magiging handa! Ngunit, hindi tayo handa sa ngayon sapagkat hindi natin natutunan ang tunay na pag-aalaga sa isa't-isa. Inaasahan ng Dios na tayo ay maging balisa sa pag-aalala para sa espiritwal na kapakanan ng lahat ng mga kapatid. Ang talusira na umiiral sa mga natitirang mga anak ng Dios ay kailangan maghilom. Ang kalooban ng Dios ay ganap na maliwanag.

*"Na hindi dapat magkaroon ng **pagkakabaha-bahagi** sa katawan; kundi ang mga kasapi ay dapat magkaroon ng magkakatulad na pag-alaga sa isa't-isa."* (1 Mga Taga Corinto 12:25)

Hindi magandang sabihin na hindi tayo ang dahilan ng problema, sapagkat hinihiling ng Dios na dapat tayong maging bahagi ng solusyon. Paano natin itatali ang mga sugat ng mga natatakot na masaktan muli? Ang pagkakahati-hati sa Iglesia ay isang espiritwal na sakit. Kaninong trabaho ang paglalapat ng nakapagpapagaling na balsamo? Ang sagot ay, ito ay responsibilidad ng bawat Kristiyano, sa harap ng Dios, na magbigay ng suportang moral sa lahat- hindi lamang sa mga kasama nila sa kanilang korporasyon o grupo. Kailangan natin ng *pag-iisip para sa pagkakaisa*. Hindi tayo magiging handa para sa kasal kay Cristo, hangga't hindi tayo lahat magkaroon ng magkatulad na pag-iisip na ito sa lahat ng mga kapatid na pinapatnubayan ng Espiritu.

"Ngayon ay ipinamamanhik namin sa inyo, mga kapatid, na balaan ang mga nanggugulo, palakasin ang mga mahihina ang loob, alalayan ang mga mahihina, maging matiyaga sa lahat ng tao." (1 Mga Taga Tesalonica 5:14)

Nauubusan na tayo ng panahon upang ipakita sa Dios na itinuturing natin ang lahat ng mga kapatid na Nobyang Pakakasalan ni Cristo. Sa madaling panahon, ang mga tunay na handa na para sa kasal ng Cordero ay magsasama-sama sa pagiisip, kalooban, at Espiritu, kahit na ano pang organisasyon sila kabilang. Isang milagro kapag nangyari iyon. Ang mga linya ng hangganan ay dapat tawirin – ang mga hadlang ay matatanggal.

Ang tunay na Iglesia ng Dios kadalasan ay pagsusumikap ng mga ordinaryong tao na mga kasapi. Tinawag ng Dios si Herbert W. Armstrong nang ang kanyang asawa na si Loma ay nakilala ang isa

pang babae na "nagkataon" na kasapi ng tunay na Iglesia ng Dios. Ang mga kapatid ay maaaring matapang at walang-takot na tawirin ang mga linya ng hangganan na naghihiwalay sa mga pinapatnubayan ng Banal na Espiritu ng Dios. Tayo ay maliit lamang. Tayo ang mga *diaspora* – ang mga nagkawatak-watak. Ngunit tayo ay magiging isa sa *pagkakaisa.*

Tayo ay natatangi, mga napiling tao. Tayo ay mga anak ng Dios – ang Pamilya ng Dios. Minamahal at inaalagaan natin ang isa't-isa. Sa lahat ng ating makakaya, kailangan ay masugid nating ituro sa lahat ng mga kapatid na mahalin ang isa't-isa. Ang pagkakahati-hati at pagkakawatak-watak ng mga anak ng Diyos ay kailangang maghilom. Isa-isa, maaari tayong maging halimbawa sa sanlibutan, na ito ang panalangin ni JesuCristo. Kailangang patuloy na palawakin pa natin ang bilang ng ating mga kaibigan at mga kapatid na pag-aalayan ng buhay natin, kung kinakailangan. Ang ating kakayahan para sa Kristiyanong pagmamahal ay kailangan lumago at lumawak.

Ang mensahe na ito ng *pagkakaisa at kaisahan* ay dapat maging pangunahing prayoridad sa lahat ng Iglesia ng Dios. Kailangang patuloy nating palawakin ang ating pakikilahok hindi lamang sa mga taong komportable tayo. Kailangan natin abutin ang buong Iglesia ng Dios – at higit pa. Ang Dios ay magkakaroon ng mga tao na *iisa* upang ang sanlibutan ay makilala Siya.

"Ngayon ay nagsusumamo ako sa inyo, mga kapatid, sa pamamagitan ng pangalan ng ating Panginoong JesuCristo....na huwag magkakaroon sa inyo ng pagkakahati-hati; kundi kayo'y ***maging ganap na magkasama****..."* (1 Mga Taga Corinto 1:10)

Harapin natin ang hamon na ito!

Ang librito na ito ay libreng serbisyong pangedukasyon na inilathala ng

This booklet is a free educational service

published by the

Sabbath Church of God
P.O. Box 30332
Little Rock, AR. 72260

e-mail: info@sabbathcog.net

www.ChildrenOfGod.net
www.SabbathCoG.net

© Copyright 2006 – 2018 Sabbath Church of God All Rights Reserved